

# ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG PERGAMO



Buweno. Ngayon, kung sa akin lang po, mas mainam kung papatayin na lang ang ilaw na 'yan. Sige po.

<sup>2</sup> Tayo'y nagagalak na maparito uli sa gabing ito sa gawain ng Panginoon. At kagabi po'y pakiramdam ko talaga'y parang dumating na ang Milenyum. At kaya ngayon mayroon po tayo rito, sa palagay ko po'y ilang mga katanungan dito, at ibubulsa ko po muna ito para . . . sa tingin ko—sa tingin ko panalangin ito . . . na ipapanalangin. At tayo'y . . . At sisikapin ko po na sagutin sa pinaka mainam na aking—na aking makakaya.

<sup>3</sup> Ano kaya, kung pakisabihan si Doc kung maaaring “patayin na lang ang ilaw na 'yan,” para . . . diretso po kasi ang tama sa akin dito, mangyari po, na hindi ako ang sentro ng ilaw. Alam n'yo, hindi ako—hindi ako dapat gaya ng mga mangangaral na ito na pinag-uukulan ng pansin. Kaya mabuti na wala na ito, sa tingin ko. Noong nakaraang . . .

<sup>4</sup> Hiniling ko 'yun, Doc. Tumatawad ako, ako—ako nga'y tumatawad, kita mo. Oh, oh, ano 'yang iyong . . . ? Kinakailangan mo bang buksan 'yun at para mapagana 'yun? [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa kanyang kapatid na lalaki, si Doc—Pat.] Oh, kung ganoon, hayaan mo na lang. Oo. Buweno, hayaan mo na lang. Oh, naku! Ngayon, huwag mo sanang mabitawan. Oo. Ngayon mas gusto ko na 'yan. Kung minsan . . . At ayaw ko po talaga ng may ilaw na tumatama sa mukha ko, alam n'yo. At—at ito'y nakatutok naman pala sa kung saan mas makakakita ako nang maayos. Pinasasalamatana kita, ginoo. Baka mapahirapan pa natin siya.

<sup>5</sup> Alam n'yo, hindi mo talaga matatapos ubusin itong mga kapanahunan ng iglesya. At ngayong araw po noong pinag-aaralan ko ang isang ito, ang sabi ko sa maybahay ko, sabi ko, “Oh, grabe! Mayroon na ako—mayroon na akong sapat na mga teksto para makapangaral ng limampung pangangaral mula sa isang ito.” Kita n'yo? At sadya ngang ang mga ito . . . wala ngang paraan para maubos ito kundi talakayin na lang ang mahahalagang bahagi, at siguro kapag isusulat na 'yung aklat ay susubukan natin na talakayin ang iba pa nito.

<sup>6</sup> Hindi kita napansin dito, kapatid. Kumusta ka na, Kapatid na West? May nabalitaan akong magandang balita, na 'yung pinaka huli sa pamilya ni Kapatid na Daulton ay nakapasok na rin, 'yung isang binatilyo . . . 'yung isang dalagita. Sampu 'yun, siyanga ba? Siyam. Naalala n'yo ba na nasa ilalim 'yun ng bagong

pagmiministeryo noong sabihin sa kanya roon ng Panginoon na ang . . . kanyang pamilya'y maliligtas. Ipinapanalangin ko sila noon, na nakatayo na roon na hindi ko alam ang sasabihin ko, ang sabi ng Espiritu Santo, "Ibinibigay ko sa iyo ang iyong pamilya." Kita n'yo? Uh-huh. At hayun na nga, bawat isa mismo sa kanila. Nakikita n'yo na ang pagkilos ng Panginoon? Kita n'yo, ang Kanyang mga salita'y ganap talaga, ang mga ito'y hindang-hindi, mabibigo kailanman. Buweno, hindi muna tayo gagawi sa bahagi ng Makalangit na pagpapagaling, sinisikap natin na makapaglumagi nang matagal sa . . . sa bahaging ito, sa propetikong bahagi na ito.

<sup>7</sup> Ngayon, ngayong gabi ay sisikapin kong makapangusap, at kung magagawa ko, at tayo'y dadako sa mga bahagi ng kasaysayan ukol sa dakilang kapanahunan na ito ng iglesya, ng ikalawang . . . o ng ikatlong kapanahunan ng iglesya na tatalakayin natin sa gabing ito. Kayo ba'y nasisiyahan dito? Sadya ngang kahanga-hanga. Tunay po na iniisip ko kung gaanong kahanga-hanga na ang Panginoong Jesus ay pinagpala tayo at ipinagkalooban ng mga bagay na ito, at pinasasalamatan natin ito nang buong puso natin, na ipinapaalam Niya sa atin bago pa dumating ang bagay na mangyayari sa hinaharap. Alam Niya mismo ang katapusan mula sa pasimula, at kaya tayo'y nagagalak nang husto para diyan. Kaya nagtitiwala tayo sa Panginoon na pagpapalain tayo.

<sup>8</sup> At napansin n'yo ba, kagabi, nagkaloob sa atin ang Espiritu Santo (pagkatapos na matapos ang gawain) ng tatlong mensahe at tatlong kaluluwa. Ganoon mismo. At noong ang Espiritu'y nangungusap, pagkatapos nga'y bumaling pabalik sa huling interpretasyon, na inulit pa, ang sabi, "Ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya. . ." Oh, "Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya." Sadyang . . . At ang Espiritu'y nangungusap sa pamamagitan ng mga kaloob sa iglesya. Oh, nawa'y mapitagang panghawakan 'yan ng iglesya ngayon, kita n'yo, na sadyang panatilihin itong pinagpipitagan. Mag-ingat kayo; darating si Satanas, na sisikapin niyang palihisin kayo tungo sa kalabisan. Siguraduhin n'yong ang Espiritu Santo 'yan sa bawat pagkakataon. At kung ang Espiritu Santo ito, mangungusap Siya nang direkta sa bagay na nangyayari. Ito'y para sa pagpapatibay ng iglesya. Kita n'yo? At pagkatapos kung kayo'y magpipitagan sa mga bagay na 'yun, ang Diyos nga'y magkakaloob sa inyo nang dagdag pa. Kita n'yo, sadya ngang magdadagdag nang magdadagdag pa. At habang . . .

<sup>9</sup> Ngayon, may ilan na tumatawag at nagtatanong . . . tumatawag ang mga tao ngayong araw at tinatanong kung kailan daw ba ang mga gawain ng pagpapagaling. Ngayon, pagkatapos mismo ng mga gawaing ito, sa susunod na Linggo ng gabi, ako po'y aalis nang ilang araw, siyanga't ipahihinga

muna ang aking lalamunan nang kaunti, at sa kasunod na Linggo, loobin ng Panginoon, magdadaos tayo ng gawain ng pagpapagaling, sa susunod na Linggo ng umaga. Yun nga'y sa... di ko lang alam kung anong araw 'yun, pero sanlinggo 'yun mula... Ika-18 po pala, Linggo ng uma... Ayo lang ba 'yun, Kapatid na Neville? Uhm? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Ayo, po."—Pat.] Linggo ng umaga, sa ika-18, mananalangin para sa mga maysakit.

<sup>10</sup> At sa pagsasabi nito, ang ating pastor dito, hindi nga po ako nagkaroon ng pagkakataon na mangusap nang husto tungkol sa kanya, pero nais ko pong lahat kayo, na sikapin n'yong makipagtagpo sa aming pastor. Siya'y talagang isang—isang tunay na kapatid kay Cristo. Ikinatutuwa nga namin na nagkaroon kami ng isang kapatid na lalaki na... laki sa pagiging Methodist na may kabanalan. At kilala nating lahat si Orman Neville, lahat ng mga narito sa paligid ay kilala siya mismo. Wala kayong maituturong daliri sa kanyang buhay. Ako'y... Ayaw niya sanang sabihin ko 'yan, pero mas pipiliin ko nga na bigyan siya ng munting usbong ng rosas ngayon, kaysa sa buong palumpon pagkatapos na yumao na siya. Kita n'yo? At ngayon ang oras na 'yun.

<sup>11</sup> Isang gabi papalabas ako ng simbahan at may isa na nagsabi, "Oh, Kapatid na Branham, tunay nga na nagustuhan ko ang pangangaral na 'yun."

At sabi ko, "Salamat."

<sup>12</sup> At mayroon ding nakatayo sa may pinto, (ito'y maraming taon na ang nakalipas, dito nga sa may tabernakulo) isang ministro, ang sabi, "Buweno, purihin ang Diyos, kung sa akin lang ay di ko nais na may magsabi ng ganyan sa akin." Kita n'yo? Sabi, "Nais kong ang lahat ng kaluwalhatian ay maituon sa Diyos."

Sabi ko, "Buweno, ganoon naman talaga." Kita n'yo? At sabi ko, "Buweno, kung sa akin lang, ay gusto ko ring ganoon." Sabi ko, "Gusto ko nga 'yun." Tapos sabi ko, "Kinakailangan ko lang maging totoo."

Tapos sabi niya, sabi niya, "Buweno, ayaw kong may tao na magsasabi n'yan sa akin, ang Diyos dapat ang mapuri!"

Sabi ko, "May isa ngang pagkakaiba sa pagitan ko at sa iyo: totoo lang ako tungkol dito, at ikaw nama'y hindi."

<sup>13</sup> Kahit sino nga'y nagnanais... Kung kausapin n'yo ang isang munting bata, ipagmalaki n'yo siya nang kaunti, gagalingan pa nga niya sa susunod. Kita n'yo? Ganoon 'yun. Kita n'yo? At ang Diyos, sa tuwina, nais Niyang sabihin sa Kanyang mga anak kung ang anak ba'y tama ang ginagawa. Hindi ba't gustung-gusto n'yong sabihin sa kanila kung sila'y mali, kung ganoon bakit hindi kayo magsabi sa kanila sa tuwing tama ang ginagawa nila? Kita n'yo?

14 Kaya tunay na nagpapasalamat ako sa Diyos para kay Kapatid na Neville sa pagiging pastor ng kawan na ito rito sa tabernakulo. At nakikita ko ang lalaking ito, na laki sa Methodist, madalang...Siyanga't, parang kakain sa maling sabsaban. Kaya...pero sa pagsumpong nun sa pamamagitan ng—ng dakilang Espiritu Santo, at ngayon sa pagdako sa mga kaloob na ito; at kung gaanong kahusay na ginagamit siya ng Espiritu Santo kapag hindi niya ginagamit ang sarili niyang hinuha. Matyagan n'yo ang interpretasyon at ang siya ring indayog, at ang siya ring mga taas at mga baba, kagaya ng mga pangngalan at mga panghalip, at iba pa, at tinutugon nga ito nang pabalik muli.

15 At ang munting kapatid na lalaking ito, sa palagay ko wala pa siyang...si Junior Jackson. Buweno, hindi na ako magsasabi pa, Junie. Pinasasalamat ko ang Diyos dahil kay Junie Jackson, ang kapatid na ito'y tunay na may dakilang kaloob mula sa Panginoon.

16 At sa tuwina nga'y manatili kayong mapagpakumbaba. Ngayon, bawat isa sa iglesya'y may bagay na dapat gawin; pero huwag na huwag n'yong hahatakin 'yan palayo para sa kung anong ibang bagay, hayaan n'yong lumakip ito sa iba pa sa iglesya. Ito'y para sa Diyos, ang lahat ng mga bagay. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi na lahat ay nais magsalita sa iba't ibang wika, hindi lahat ay magbibigay-salin.

17 Sikapin n'yong gumawa ng isang bagay na mabuti at magpatuloy mismo sa pagiging mabuti; huwag magkimkim ng masamang pag-aakala, ng sama man ng loob, ni magpahintulot ng anumang kapaitan. Kahit na gaano pang kasama ng isang tao at gaano pa kasama ang sinasabi nila tungkol sa iyo, huwag na huwag kayong mag-iisip ng masama sa inyong puso laban sa kanila; dahil diyan nga mismo'y ang diyablo'y mamamalagi, may gagawin na kung anong bagay roon mismo. Sadyang panatilihin n'yo ito na nababalot nang buo sa maka-Diyos na pag-ibig, pagtatapat, at paggawa ng tama, at paggawa ng mabuti sa mga tao na gumagawa ng masama sa inyo. "Kung gumagawa lamang kayo ng mabuti sa kanila na gumagawa sa inyo ng mabuti, aba't," sabi ni Jesus, "hindi ba't ang mga publikano'y ganon din ang ginagawa?" Kita n'yo? Ang mga makasalanan, kahit sino nga'y magiging mabuti sa mga taong mabubuti sa kanila. Pero maging mabuti kayo sa mga tao na hindi mabuti sa inyo, gumawa ng bagay para sa mga tao na walang gagawin para sa iyo. Magsalita ng mabuting salita para sa tao na magsasalita ng masama laban sa iyo, at sa ganoong paraan ay mapapanatili n'yong walang kapaitan sa inyong puso; at kayo'y may pagmamahal lagi sa lahat ng tao kung ganon, basta't nananatili kayo sa pag-ibig.

18 Ngayon sasabihin n'yo, "Buweno, gumawa kasi sila..." Hindi tayo ang tagahatol, ang Diyos ang Tagahatol. At hindi n'yo nanaisin na ang kaawa-awang tao'y mapapahamak, di po

ba? Tunay ngang hindi, kahit na sino pa sila. Hindi n'yo nga nanaisin 'yan, kaya sikapin n'yo na maging mabuti sa kanila. "At ang pag-ibig ay nagtatakip ng maraming kasalanan." Uh-huh. Siyanga, po. Ang Pag-ibig nga, itong mainam, na Cristianong, maka-Diyos na Pag-ibig.

<sup>19</sup> Kung may tao na lalapit at babansagan kayong isang "holyy-roller" at lahat na ng klase ng bansag, ngayon—ngayon huwag kayong aakto na ganoon, kita n'yo, kung hindi kayo makaakto ng tulad nun, umiwas na lang kayo. Pero sa puso n'yo, kailangan na malagay kayo sa isang dako na sasabihin n'yo, "Buweno, ito. . . ngayon, marahil, kapatid, kung nauunawaan mo, sa paraan na nararamdaman ko, mararamdaman mo mismo ang pakiramdam ko tungkol dito." Kita n'yo? At kayo nga'y maging tunay na kalugud-lugod sa kanya, at hayaan n'yo na lang na tulad nun. At kahit na magkaiba tayo gaya ng layo ng silangan mula sa kanluran, wala ngang diperensya 'yun.

<sup>20</sup> Gaya ng sabi ko noong isang gabi, may kapatid ako na isang. . . malaking tao siya, si Melvin; matangkad siya, olandes ang kulay ng buhok. Ngayon, wala nga kaming pagkakatulad sa itsura na parang hindi kami magkamag-anak. At ang aming—ang aming kagustuhan ay magkaiba, at ang hilig namin ay magkaiba; pero sa kabila nun ang nanay niya ay nanay ko, ang tatay niya ay tatay ko, kapatid ko siya. Kita n'yo? Dahil ipinanganak kami sa iisang pamilya.

<sup>21</sup> Ngayon, magkaiba kami. Si Melvin ay hindi Cristiano, at ang hilig niya'y beysbol, karera ng kabayo, at mga bagay na gaya nun. At sa palagay ko—sa palagay ko mahilig siya sa tsokoleyt pie, kaya nakakatiyak ako na magkaiba kami sa bagay na 'yan. Mangyari na hindi ko—hindi ko gusto ang karera ng kabayo o beysbol, ang gusto ko'y pangingisda at pangangaso. Kita n'yo? At hindi nga siya babaling ng kamay para dun, at hindi rin ako babaling ng kamay para sa bagay na iba. Kaya hayan nga, kita n'yo, mangyari pang ang gusto niya ay tsokoleyt pie at ang gusto ko ay cherry. Kaya mangyari po. . .

<sup>22</sup> Ngayon, hindi po ako nagpaparinig, kita n'yo. Pero nabanggit ko nga isang beses sa isang pagtitipon sa isang lugar, na gusto ko ng tsokoleyt pie, at noong sumunod na gabi ay may limang tsokoleyt. . . o cherry pie na ako, at may apat o limang cherry pie na ginawa ng mga kapatirang babae at ibinigay sa akin. Grabe! Tuwang-tawa po kami dun sa silid ko! Pero, hindi naman talaga 'yun ang aking—aking intensyon. Kita n'yo?

<sup>23</sup> Mangyari po na gusto ko lang magpakita ng pagkakaiba, kita n'yo. Pero kahit na ano pa siya, mahal ko siya, kapatid ko siya. At mangyari na hindi siya Cristiano dahil nakikita niya ang mga bagay-bagay sa ibang liwanag, nakikita ko naman ang mga bagay-bagay sa Liwanag ni Cristo; pero sa kabila nun ay hindi

ko masasabi na hindi ko siya kapatid, dahil kami'y magkapatid na ipinanganak sa iisang pamilya.

<sup>24</sup> Ngayon, kagabi, may nabanggit akong kataga sa huli. At alalahanin n'yo ngayon, ang unang mensaheng dumating sa iglesya pagkatapos nung mga bagay na nalalaman n'yo na, maliban pa dun sa Kentucky, ay heto't magkakaroon ng mahiwagang mga bagay sa pagtitipon na ito na ikagugulat ng marami. Naalala n'yo 'yun? Nasa teyp po ito, ngayon. Kita n'yo? Kagabi ang isa sa mga 'yun ay nahayag. Kaya para bang napahinto nang isang segundo, pero sigurado po ako na nasalo't natalos n'yo 'yun; dahil ang Espiritu Santo ang nagdala, nung bagay na 'yun: "isang impyerno na Walang Hanggan, walang ganoong bagay sa Biblia."

<sup>25</sup> Walang impyerno na Walang Hanggan. Kung mayroon kayong Walang Hanggang...Kung masusunog kayo sa impyerno nang Walang Hanggan, kung ganoon ay kailangan mayroon kayong Walang Hanggang Buhay para manatili roon, kung kayo'y buhay. At may natatangi't nag-iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, 'yun ang Diyos! Kita n'yo? Kaya, at pagkatapos ang Biblia'y hindi rin nagtuturo ng *Walang Hanggang* impyerno, ang itinuturo nito'y "panghabang-panahon" na impyerno. Maaaring sampung libong milyong taon 'yun, hindi ko alam, pero kinakailangan pa rin 'yun na magwakas.

<sup>26</sup> Mangyari po na kinakailangan kong ilahad Ito roon. Hindi ko muna Ito ipinapaalam sa mga iglesya at mga bagay-bagay hanggang ako'y...nasa akin kung sasabihin ko na Ito. At pagkatapos may ibang mga bagay rito na nasa akin na para sabihin Ito, at kaya mangyari na bawat gabi ay malalaman natin ang mga ito.

<sup>27</sup> Pero ngayon, mula sa gabing ito, simulan n'yo nang paganahin ang inyong espirituwal na pag-iisip, kita n'yo, hayaan n'yong ibabad mismo Ito ng Espiritu Santo. At pagkatapos kung may mapakinggan kayo at di kayo sumasang-ayon Dito, kayo po'y sa pag-uwi n'yo ay sabihin, "Kaawa-awang Kapatid na Branham, tunay na hindi niya—hindi niya alam. Ipapanalangin ko siya." At kapag gagawin n'yo 'yan, at pagkatapos ako'y... ipapaalam ng Panginoon sa akin kung ano ang Katotohanan kung ganoon, pero ako po'y kaawaan n'yo lang, at huwag—huwag n'yo akong itataboy. Hayan nga po na maaaring totoo rin, naman 'yan, pero, oh, ako nga'y nagtatamasa ng maluwalhating panahon kapag iniisip ko ito sa paraan na 'yan. Kaya ito po talaga'y pagdudugtong ng bawat dulo. At ako, oh, ako—ako marahil ay mali; pero hayan nga na marahil may puwang 'yun sa kung saan na hindi ko namamalayan, na marahil mapapansin n'yo, at ipanalangin n'yo sa Panginoon na ipakita 'yun sa akin.

<sup>28</sup> At ngayon, at higit sa lahat ng bagay, manatili kayong magpanalangin sa isa't isa at huwag na huwag n'yong pahihintulutan ang diyablo na magpakita ng anumang kapaitan sa kung saan. Kita n'yo? Panatilihin n'yo ang inyong mga kaluluwa na dalisay sa oras na ito, dahil nasa pagsasara na tayo ng oras ng kasaysayan ng mundong ito. Kita n'yo? Narito na tayo sa katapusan, mga kaibigan, na walang bakas ng pag-aalinlangan.

<sup>29</sup> Sa atin pong pagtugaygay sa mga kapanahunan na ito ng iglesya, masusumpungan natin maya-maya, at marahil ang halos kabuonan nun ngayong gabi. Ang ginagawa po nati'y higit-kumulang na bumabalik-tanaw at kumukuha ng pambungad na tagpo kung saan natin tatapusin 'yun, at ngayon sa gabing ito ay maghahayag tayo ng tunay na mga espirituwal na bagay. Alalahanin n'yo ngayon, nasabi ko na ito, kinakailangan n'yong paganahin ang espirituwal n'yong pag-iisip. Mangyari nga na matyagan n'yo ang Mga Kasulatan, kinakailangan mismo na *naroon* sa Mga Kasulatan, at kinakailangan na sa *pamamagitan* mismo ng Mga Kasulatan. Kita n'yo? Ngayon alalahanin n'yo ang... Yung pagkaalam lang sa Salita, na sasabihin, "Buweno, nagtungo ako sa mataas na paaralan. Nagtungo ako sa eskuwelahan ng Biblia. Nagtungo ako sa kolehiyo." Wala pong kinalaman 'yan. Lahat ng mga Fariseo at mga Saduceo'y ganoon ang siya ring ginawa, at napalampas ang makilala si Jesus nang mga isang milyong milya. Kita n'yo?

<sup>30</sup> Ang Mga Kasulatan, ang kapahayagan ng Mga Kasulatan, "ito'y itinago mula sa mga mata ng pantas at matatalino, at inihahayag sa mga sanggol na dito'y matututo sila." Kaya kayo at ako'y maging mga sanggol mismo at alisin natin ang karga ng ating mga puso, at sabihin, "Panginoon, Iyo pong—Iyo pong isaysay sa amin, at kami—kami'y makikinig." At pagkatapos ay saluhin n'yo ang espirituwal na aplikasyon. Ngayon alalahanin n'yo 'yan, sa mga salita na ipapangusap mula sa gabing ito, saluhin n'yo ang espirituwal na aplikasyon, dahil tayo'y paparating na sa isang dakila't mahiwagang kapanahunan ng iglesya.

<sup>31</sup> Ngayon, sa palagay ko'y 'yun na ang lahat. Ngayon alalahanin n'yo bukas ng gabi, tayo po'y dadako sa ibang kapanahunan ng iglesya bawat gabi. At naniniwala ako na marami tayong oras bukas para tumugaygay buong araw tungkol dito, at pagkatapos bukas din ng gabi. Pero, kita n'yo, marami sa kanila ang magtratrabaho at susubukan ko mismo na kunin lamang ang pinaka mahahalagang bahagi ng mensaheng ito, ididiin ang mga puntong binabanggit dito, na kung tutuusin kung kukunin n'yo ang isa nito't tatalakayin ay magtutuluy-tuloy ka, tutugaygayin hanggang sa di mo na masasabi kung saan ba 'yun mapupunta. Kita n'yo? Pero... At pagkatapos ay pag-aralan n'yo ito sa inyong tahanan, at kayo'y ipapanalangin

ko, at kayo'y manalangin para sa akin, at pagpalain tayo nang sama-sama ng Diyos bilang Kanyang mga nananampalatayang mga anak.

<sup>32</sup> Ngayon bago po tayo magsimula, iniisip ko lang kung hindi ba masyadong pahirap sa inyo kung tayo po'y maaaring tumayo.

At alam n'yo ba kung bakit gusto kong tumayo at manalangin? Sinabi ni Jesus, "Kapag kayo'y tumatayo, nananalangin, manalangin kayo, 'Ama Naming nasa Langit.' Pagkatapos ay magpatawaran kayo sa isa't isa." Kita n'yo? At mangyari rin na si Gideon noon ay pumili ng kanyang hukbo isang beses mula sa mga kalalakihan na tumungo't yumuko at dinilaan ang tubig, o sa mga kalalakihan na tumayo at kumuha ng tubig. Kita n'yo? Kaya 'yung mga kalalakihan na nasubasob, na mga—mga nagpapatirapa sa harap ng mga diyus-diyosan, at mangyari nga na natalos niya na hindi ito ang mga kalalakihan na dapat pamartsahin. Kaya, sila na nakatayo na ang mata'y nakamasid sa tuwina. Yun 'yung paraan na gagawin natin, tumayo at manalangin. Ngayon, naniniwala ako sa pagluhod at pananalangin, din; pero, ang pagtayo at pananalangin, sa tingin ko nga'y mahalaga ito sa atin, ano't anuman.

Atin nang iyuko ang ating mga ulo ngayon, bawat puso'y maiyuko rin:

<sup>33</sup> Mapagbiyayang Makalangit na Ama, habang kami ngayon ay mataimtim na dumudulog sa Iyong Luklukan ng katarungan. At hindi po kami dumudulog para humiling sa Iyo na bigyan kami ng katarungan, dahil lahat kami'y siguradong matutupok, bagkus kami'y lumalapit, nagsusumamo "Habag, Oh Panginoon!" Iyo pong ibuhos sa amin, ngayong gabi, ang Iyong Espiritu Santo; hindi dahil sa kami'y karapat-dapat, bagkus dahil kami'y hindi karapat-dapat, at napagtatanto ito at napagkikilala ito, at kami'y lumalapit hindi sa aming pangalan, dahil hindi 'yun sapat. Wala kaming katarungan, o—o anuman, ang aming pinaka katuwiran ay maruruming basahan lamang sa Iyong paningin. Kaya kami'y mapagpakumbabang lumalapit sa Pangalan ng Panginoong Jesus, inilalagay Siya sa unahan namin, ang Dugo ng Kanyang tipan, na dala-dala po Ito sa aming mga puso, at sinasabi, "Diyos, Ikaw po'y mahabag sa amin na mga makasalanan na humihiling ng habag sa oras ng pagkabalisa." Na, pagdating ng araw na ang huling pangangaral ay maipangaral na, hindi po namin alam kung kailan ba ito; ang huling beses na magkakaroon ng isang sigaw na aalingawngaw sa himpapawid; na ang Biblia'y maiiwang nakasarado sa ibabaw ng pulpito; ang mga armas ay iiimbak; at ang mga korneta'y patutunugin; ang araw ay lulubog. Oh Diyos! Mangyari po na ikubli Mo ako, Oh Bato ng Mga Kapanahunan, sa oras na 'yun.

<sup>34</sup> At nakikita namin na wala nang pagtatakas sa panahon na 'yun, wala po't sa pamamagitan Mo lamang. Nakikita namin na



ang mga bansa'y nagkakasira na. Nakikita na namin ang Biblia na natutupad. Nakikita namin ang paggising ng Israel. Nakikita namin ang Mensahe para sa Iglesia. At ang oras ay talagang papatapos na, panahon na ito na ang mga dakilang bagay ay ihahayag, at ang Pitong Tatak na mabuksan.

<sup>35</sup> Diyos, Diyos, Oh Diyos, Ikaw po'y mahabag sa amin nang lubos, kami po'y nagsusumamo ng kahabagan. At bilang Iyong lingkod, nagsusumamo po ako ng kahabagan para sa bawat isa sa Makalangit na Presensyang ito ngayong gabi. Diyos, nawa po'y wala ni isa sa kalagitnaan namin na may kasalanan sa kanilang kaluluwa, bagkus nawa ito'y malinis ngayon sa pamamagitan ng Dugo ng Panginoong Jesus, na lahat kami'y magkita-kita sa napakaligayang dako na 'yun sa ibayo ng himpapawid.

<sup>36</sup> At sa pagtalakay ko po sa Kasulatan na ito ngayong gabi, Ama, oh, ako po'y kapos. Diyos, wala ni isa sa amin ang may kakayahan. Inaamin namin na wala kaming nalalaman, Ama, bagkus kami'y taimtim na dumedepende sa Espiritu Santo nang sa gayon Siya'y makapaghayag sa amin. Habang unti-unti naming nilaladlad sa pamamagitan ng aming—aming kaalamang isipan na Iyong ipinagkaloob sa amin, ang kasaysayan, nawa ipagkaloob ng Espiritu Santo ang espirituwal na aplikasyon sa aming mga puso. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama, yamang kami'y naghihintay sa Iyo sa Pangalan ni Jesus na Iyong Anak. Amen. Makakaupo na kayo.

<sup>37</sup> Sa ika-2 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis, at ang ikalawang iglesya, ang ikatlong kapanahunan ng iglesya. Simulan... [Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika—Pat.] Pasensya na po.

<sup>38</sup> Ama namin Na nasa Langit, sambahin nawa ang Pangalan Mo. Dumating ang Kaharian Mo, gawin ang kalooban Mo, sa lupa kung papaano nga sa Langit. Amin pong hinihiling na Ikaw ay makasama namin, Ama, at pagpalain kami, at tulungan kami na maging matatalinong tagapagtayo sa oras na ito ng grabeng pagkabalisa sa gitna ng mga tao. Sa oras na ito na ang pagkalito at lahat na'y nagpapatuloy, Iyo pong tulungan kami na maging pinaka mahusay namin, Panginoon, na maging Iyong mga lingkod sa pamamagitan ng Pangalan ni Cristo. Amen.

<sup>39</sup> Ngayon, nabanggit ko na ito nung una, para lang malaman n'yo. Napansin n'yo ba na ang interpretasyon ay di dumating sa oras nung Salita? Ang Kapatid nating babae'y may pahid mismo ng Espiritu Santo, walang duda, anupa't ipinahayag niya ang mensahe pagkatapos na maihatid sa inyo ang Salita, kita n'yo. Yun nga'y medyo wala sa pagkakaayos ukol sa bagay na 'yun. Ngayon, ayos lang 'yan, minamahal na kapatid na babae, kung nasaan ka man. Kapag ang Espiritu Santo'y nasa sa iyo, oh, mahirap nga 'yung pigilan tulad n'yan, alam ko. Para 'yung... O

kapag may sinasabi kang isang bagay at . . . Kita n'yo, pero ayos lang 'yun; pero marahil naramdaman mo na 'yun bago pa tayo magpasimula mismo, kita mo. At 'yan ang dahilan, kita n'yo, na bumabalik 'yun mismo kapag ang Espiritu'y kumikilos. Ang mga espiritu ng mga nagsasalita ng propesiya'y nasa ilalim ng propeta, kita n'yo. Ikaw 'yun.

<sup>40</sup> Ngayon, marahil pahiran ka uli ng Espiritu Santo, hayan nga . . . Umaasa ako na Kanya ka ngang papahiran, pagkatapos na matapos ang gawain. At makikita mo ang pagdating ng interpretasyon, kita n'yo, dahil 'yun nga'y kailangan na nasa kaayusan mismo, kita n'yo; pero kakadulog pa lang natin sa Salita, kita n'yo, dito. Kaya, ngayon, 'yun nga'y tunay na sa Diyos, 'yun nga; pinaniniwalaan ko 'yan nang buong puso ko, dahil naramdaman ko ang epekto pagkatapos nun, kita n'yo. Pero ang Espiritu Santo . . . hindi pa oras. May mensahe ang Diyos sa kapatid na babae para sa iglesya, pero *narito* nga 'yung kung saan inuumpisahan na Niya ang Kanyang Mensahe. Kita n'yo, hindi Niya ipaglalabo ang Kanyang Sarili, Kanyang inilalagay ang lahat ng mga bagay sa kaayusan. Naniniwala ako na ang lahat ay nakakaunawa, kita n'yo, ganoon nga.

<sup>41</sup> Ngayon sa—sa ika-2 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis. At ating . . . Sisimulan natin ngayong gabi ang tungkol sa—tungkol sa Kapanahunan ng Pergamo, sa ika-12 kabanata. Ngayon, kagabi huminto tayo sa ika-11 talata:

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.*

<sup>42</sup> Ngayon, sa unang kapanahunan ng iglesya, nasumpungan natin na ang Nicolaita ay nagsimulang pumasok na. Inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili bilang . . . Inihayag ni Jesus ang Kanyang Sarili bilang ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat: walang iba, walang mga baha-bahagi, walang mga piraso ang Diyos, Siya'y Diyos na mag-isa.

<sup>43</sup> Ngayon, sa kapanahunan ng iglesya kagabi, nasumpungan natin na Siya ay tumayo sa may pintuan at isinulat Niya ang mga bagay na ito sa iglesya, at sinabi sa kanila ang tungkol sa kanilang kadukhaan. Pero sinabi Niya na sila'y nasa isang . . . itong mga Nicolaita, at iba pa, na Kanyang kinapootan.

<sup>44</sup> Kagabi sila'y ang . . . nakasuot ng putong ng pagka-martir. Sinabi Niya sa kanila na huwag matakot, sa kamatayan, yamang Siya'y—Siya'y sasama sa kanila. At pagkatapos sa huli ang sabi Niya, “Ang magtagumpay! Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.”

<sup>45</sup> Ngayon, kung may isang kamatayan, at alam natin ang tungkol dun, kung ganoon siguradong may isa pang kamatayan sa kung saan; dahil ang isang kamatayan na ito namamatay tayo sa laman, sa ikalawang kamatayan namamatay tayo rito

sa espiritu, sa kaluluwa. Mangyari pa, “At ang kaluluwa na nagkakasala ito’y tiyak na mamamatay.” Ang *mamamatay* nga’y, “ganap na yayao mula sa lahat ng bagay;” kita n’yo, kayo’y—kayo’y. . . Ang ibig sabihin ng *kamatayan* ay, “kuni’t dalhin sa malayo, ang—ang—ang dalhin sa malayo, ikubli paalis.” Kaya naman kapag ang ating mga mahal sa buhay ay mamatay, hindi na sila umiiral rito sa abot ng nalalaman natin. Ang tawag natin dun ay *kamatayan*.

<sup>46</sup> Pero ang isang Cristiano’y hindi namamatay. Walang Kasulatan na ang isang Cristiano’y namamatay, dahil siya’y may Buhay na Walang Hanggan. Kapag ang isang makasalanan ay mamatay, tapos na siya, at ang kanyang kaluluwa’y mamamatay sa wakas. Pero kapag ang isang Cristiano’y mamatay, siya’y naghihintay lamang kasama si Jesus para bumalik uli. Oh, umaasa ako na makadako sa bagay na ’yan sa dulo ng pangitain na ito ngayong gabi, doon sa kung saan tayo babalik; at makikita n’yo ito, kung papaanong inihahatid nito ang siya ring bagay tungkol sa ikalawang *kamatayan*. Dito sa siya ring kabanata kung nasaan tayo ngayong gabi ay nagdadala ng siya ring bagay, at isa ngang magandang aplikasyon dito.

<sup>47</sup> Ngayon—ngayon, ngayong gabi, babasahin natin ang liham na ito nang mabilis, dahil may ilang—ilang impormasyon ako ayon sa kasaysayan na nais nating dakuan muna unang-una, at sisikapin na hindi kayo mapanatili nang masyadong matagal. Ngayon, sa . . . pagkatapos na matapos ang mga gawain, sa tuwing mapapabasa ako nang sobrang bilis, kung gusto n’yo pong makuha ang aplikasyon nito; si Kapatid na Mercier dito’y nasa kanya ang lahat ng ito, ibibigay ko sa kanya ang mga tala; at papaunlakan niya dahil sumusulat siya ng libro, maibibigay niya sa inyo ang anumang bagay na alam n’yo. . . inyong—inyong nais tungkol dito. Mainam ’yun, Kapatid na Mercier.

<sup>48</sup> ika-12 talata:

*Sa anghel ng iglesia ng Pergamo ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim;*

*Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga’y sa . . . luklukan ni Satanas . . . at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking tapat na martir, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.*

*Datapuwa’t mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka’t mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni*

*Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid.*

*Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral... (mga gawa pa noon ito sa Efeso, ngayon ito'y naging isa nang "aral")... aral ng mga Nicolaita, ... (Naalala n'yo ba noong sabihin ko sa inyo noong isang gabi, kung papaanong humantong 'yun sa ganoon? Isang mga gawa sa Efeso, ngayon ito'y isang "aral")... ang—ang aral ng mga Nicolaita, na mga bagay na kinapopootan ko. (Uhm!)*

*Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyang ako sa iyo, at babakahin ko sila... (hindi ang tunay na Iglesya)... ng tabak ng aking bibig.*

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko (siya) ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap nito.*

Ngayon idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala Rito, at tulungan tayo ngayon habang tayo'y magsusumikap.

<sup>49</sup> Ngayon ang paunang impormasyon tungkol sa iglesyang ito. Ito ang ikatlong kapanahunan ng iglesya, na tinatawag na Pergamo. At ang—ang petsa kung kailan umiral ang iglesyang ito ay mula 312, A.D. 312 hanggang 606.

<sup>50</sup> Ang kapanahunan ay: huwad na doktrina, pagsisinungaling ni Satanas, ang pagtatag ng paghahari ng papa, at pag-iisa ng iglesya't estado.

<sup>51</sup> Ang gantimpala: natatagong manna, isang puting bato.

<sup>52</sup> At ang bituwin, ang anghel ng iglesyang ito, sa pamamagitan ng buong maitutulot sa akin ng Espiritu Santo, pinili ko si San Martin. Yun po ang—ang kapahayagan na ipinagkaloob sa akin ukol dito, sa pagbabasa ko tungkol sa ibang mga banal noong panahon na 'yun. Pinili ko si San Martin dahil siya'y isang maka-Diyos na lalaki, sa aking opinyon siya'y sampung beses na mas apostol kaysa kay Saint Patrick.

<sup>53</sup> Ngayon, si Saint Patrick ay pamangkin ni San Martin; ang kapatid na babae ni San Martin ang nanay ni Saint Patrick. At si San Martin ay... siyempre, siya ang tiyo ni Saint Patrick.

<sup>54</sup> Ngayon, ang buhay niya ay mula A.D. 315 hanggang 399. Ngayon heto ang dahilan kung bakit pinili ko siya kaysa ang ibang mga banal noong panahon na 'yun, ay dahil sa paraan na nanindigan siya. At sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, naniniwala ako na...

<sup>55</sup> Ngayon, hindi siya kinanonisa ng iglesyang Katoliko, hindi nila siya kinikilala, at 'yan ang isa pang dahilan kung bakit pinili ko siya. Uh-huh, uh-huh. At lahat ng mga ito na nakikita natin, na may kamit na espirituwal na pagmiministeryo, haya't tinanggihan 'yun ng sinaunang iglesya. Tinanggihan 'yun ng—ng iglesyang Nicolaita dahil sa mga bagay na ito: sila kasi'y espirituwal. At gaya ng iginuhit ko rito, ang Iglesya'y pinipiga nang husto palabas at ang doktrinang Nicolaita ang—ang nasa mayorya na; at ang tunay na Iglesya'y nasa minoritya, kung papaano nga ito noon pa.

<sup>56</sup> At gaya ng sinabi ko mula pasimula, si Jesus nga ang nagsabi, “Huwag kayong mangatakot, munting kawan, ito'y mabuting kalooban ng inyong Ama ang sa inyo'y ibigay ang Kaharian.” Yan ang dahilan kung bakit inilalagay ko ang Kaharian sa espirituwal na Kaharian. At tayo'y...may espirituwal na Kaharian, at tayo'y lubos na nagagalak dahil diyan, at isang Hari sa Kaharian na ito. Alalahanin n'yo, Siya ang Hari ng mga banal (*mga binanal*), Siya ang kanilang Hari na nangunguna sa kanila.

<sup>57</sup> Ang buhay ni San Martin ay...ay isa sa pinakadakila't puno-ng-himala na buhay ng kahit sinuman sa kapanahunan ng iglesya. Mula pa noon kay San Pablo, siya'y isa sa pinaka espirituwal na lalaki. Siya ay...

<sup>58</sup> Isa sa pinaka una niyang himala ay...Isa siyang sundalo, unang-una, sa paniwala ko. At pagkatapos isang araw dumaraan siya at may isa roon...Isang—isang lalaki na nakahiga, nilalamig at nanginginig, at lahat ng mga tao na nagnanais...o, hindi pala nagnanais, kundi may kakayahan namang tungulan ang lalaki, lumampas lang sila sa kanya na parang 'yung —'yung ginawa nung saserdote at nung mga Levita dun sa kuwento ng *Mabuting Samaritano*. Pero noong dumating si San Martin, napagtanto niya ang kanyang tungkulin bilang isang mananampalatayang Cristiano, mayroon siyang isang balabal, isang balabal sa ibabaw ng kanyang balikat, hinati niya 'yun sa dalawa gamit ang kanyang espada at ibinigay ang kalahati sa pulubi, kinuha niya naman ang kahati nun. At 'yung gabi na 'yun ang nagpasimula ng kanyang karera, dahil, si Jesus Cristo'y nagpakita sa kanya, sa isang pangitain, na nakadamit ng siya ring balabal na hinati niya sa dalawa; na tumupad sa Kasulatan, “Yamang inyong ginawa sa kanila, ay sa Akin ninyo ginawa.”

<sup>59</sup> Kaya kunin n'yo 'yun bilang isang leksyon. Anumang bagay na gawin n'yo sa sinuman, inyong ginagawa kay Cristo. Basta't alalahanin n'yo lang. Ngayon kayo...Sabihin natin 'yun nang sama-sama [Nagsasalita si Kapatid na Branham at ang kongregasyon nang sabay-sabay—Pat.]: “Kung ano ang ginagawa n'yo sa iba, ay ginawa ninyo kay Cristo.” Kaya kahit na ano pa ang iniisip sa inyo nung tao, ito'y kung ano ang iniisip n'yo sa kanya, kita n'yo, na nagdadala ng pagpapala.

60 Yun ang una niyang himala at ang simula ng kanyang pagmiminsteryo. Marami pa kung tutuusin tungkol dun, wala lang ako—wala lang akong masyadong oras. Dahil nais kong bumalik kayo bukas ng gabi at gabi-gabi, para hindi ko kayo mapanatili nang masyadong matagal.

61 Buweno, ang kasunod na himala na pinili ko na ipangusap ngayong gabi.

62 Mangyari nga na ganap na ginigiba niya ang pagkapagano, at mariing laban siya sa iglesya ng Roma. Ganap na di siya sumasang-ayon sa lahat ng mga obispo ng unang iglesya ng Roma, siya . . . sila'y nagiging makamundo at iba pa tulad nun, at kanya silang tinuligsa. Tunay na kinontra niya sila. Isa ngang himala 'yun na nagawa niyang makapamuhay sa ganoong uri ng panahon gaya nun. Ngayon . . .

63 Anupa't winawasak niya ang isang paganong hardin isang araw, at ginigiba ang isang paganong altar, at may sagradong puno na nakatayo sa tabi ng paganong altar. At pinuputol niya ang puno na ito, at maraming nakatayo roon ang tutol dun. Sabi niya, "Kung ako'y tao ng Diyos . . . Itali n'yo ako sa paraan na ang puno'y nakatabingi at hayaan n'yong bagsakan ako ng puno. Kung ako'y tao ng Diyos . . . Kung hindi ako tao ng Diyos, papatayin ako ng punong ito. Kung ako'y tao ng Diyos, magagawa ng Diyos na ipaling ang puno sa ibang direksyon." Grabeng hamon! Kaya sinimulan nilang tagain ang puno; at nung papatumba na 'yung puno, pumaling nga ito't pinatay ang ilang mga nanonood. Ibinaling nga 'yun ng Diyos pabalik sa burol. Isa ngang himala! Oh, sa tuwina nga'y may mga himala sa pagtitipon niya.

64 Isa pang himala na naisip ko na ipangusap sa inyo, ay 'yung tungkol sa patay na sanggol na kanyang pinatungan ng kanyang katawan. At ang sanggol ay bumalik sa buhay muli, matapos na manalangin siya ng ilang panahon para sa sanggol na ito.

65 Isa pang katangi-tangi sa akin, ay yaong emperador. At papatayin niya noon ang ilang tao ng Diyos na puspos-ng-Espiritu. At mangyari nga na ang emperador ay kanang kamay nung—nung obispo ng unang iglesya ng Roma, noong panahon na 'yun, at siya'y aktuwal na papa bago pa siya tawagin na isang papa. Ang pangalan niya ay D-a-m-a-s-u-r, at ipinapapatay niya noon ang lahat ng mga Cristiano na mapapapatay niya. At— at ang asawang babae na ito ng emperador, isang pagano, at may kadiliman na nakabalot sa kanyang sariling puso.

66 At noong ang banal na San Martin ay dumating upang mamagitan, hinayaan siya nung asawa na makapunta para subukan niyang mamagitan para ang mga Cristianong 'yun ay hindi mapatay. Siyanga't, noong makapunta na siya sa kanya, wala ngang mabuting naidulot, dahil siya'y ang kanang-kamay

ng papa na ito; kaya pinagpapatay niya ang mga Cristiano na 'yun na puspos-ng-Espiritu ano't anuman.

<sup>67</sup> Pero nagnais si San Martin na kapanayamin siya, at pinigilan siya ng mga bantay sa tarangkahan. Buweno, sumubasob si San Martin at nagpatirapa dun at nanalangin hanggang sa ipinakita ng Diyos sa kanya na pumasok na. Noong tumayo na siya roon, naglakad siya papalapit sa mga nakakandadong pintuan at nagbukas ang mga 'yun nang kusa, kaya patuloy siyang lumakad papasok.

<sup>68</sup> Ngayon, ito po ang kasaysayan, hindi po ito isang bagay na may nagsusulat lang tungkol sa kanya, at may kaunting . . . Kung mayroon man, siguradong sila'y may halong panirang opinyon, lalo na kung ito'y isang iglesya na nagsasalaysay; o, sasabihin ko, kung may isa man, lalo na ang papal na iglesya, hindi nila babanggitin ang mga bagay na ito. Pero, kita n'yo, sinasabi mismo ng kasaysayan ang katotohanan. Kita n'yo?

<sup>69</sup> At ang lalaking ito'y pumasok nang diretso, si San Martin, at nilampasan ang bawat bantay, at lahat na, patungo sa harap mismo ng emperador. At ayaw respetuhin ng emperador ang lingkod ng Diyos. Alam n'yo, 'yun—'yun nga'y hindi—'yun nga'y hindi magalang. Mangyari nga na tumalikod ang emperador at hindi siya nirespeto. Alam n'yo ba kung anong ginawa ng Diyos? Sinubukan Niyang mangusap sa kanya at kanyang pinanatili lang na nakabaling ang ulo, at ibinunsod ng Diyos na ang hetanong ito'y magbigay-galang sa Kanyang lingkod. Kaya pinaapoy ng Diyos ang bagay na 'yun, at nilapnos siya nun hanggang sa tumayo siya sa kanyang kinauupuan, napatayo siya, ibinunsod siya mismo na tumayo.

<sup>70</sup> Ngayon 'yan—ngayon 'yan ang kasaysayan ng Biblia, *Konseho ng Nicea*. Kinakailangan niyang respetuhin ang lingkod ng Diyos; pinatayo nga siya ng Diyos. Anupa't tinupok nun ang upuan na kinauupuan niya; gumapang ang apoy sa kanyang katawan at tinupok ang ilalim ng upuan, at kinailangan niyang lumundag paalis dun. Ang Diyos nga'y may pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, alam n'yo. Uh-hum. "May kakayahan ang Diyos na magpabangon mula sa mga bato na ito ng mga anak ni Abraham." At alalahanin n'yo, ang siya ring Diyos na 'yan ay nananahan sa kalagitnaan natin ngayong gabi. Yun ang siya ring Diyos na 'yun. Siyanga.

<sup>71</sup> At isa pa na gustung-gusto ko, at pagkatapos hihinto na ako. Mayroon pa ako rito, pero kukunin ko lang . . . Ngayon itong isang ito ang pinaka paborito ko, isang araw habang naghihintay siya sa kanyang mga kasamahan, nananalangin siya sa kanyang silid-aralan.

<sup>72</sup> At siya'y—siya'y isang dakilang lalaki, at dala-dala niya ang Iglesya na 'yun noon na puspos-ng-Espiritu, at titibagin niya lahat. . . Oh, isa siyang . . . ibinunsod niya na lahat sila'y

mapuspos ng Espiritu, ang buong kongregasyon nga niya. At sa buong lupalop ng buong bansa, ang mga Cristiano'y nagpamalal ng mga tanda't kababalaghan.

<sup>73</sup> Kita n'yo, ang Diyos ay nangungusap sa Kanyang mensahero, ang mensahero nama'y nangungusap sa mga tao. At mangyari nga na 'yan ang nangyayari, kita n'yo, Kanyang—Kanyang pinapanatili ang mga tao at siya na maging parepareho sa Diyos; kita n'yo, ang Espiritu Santo'y dumadaloy sa buong grupo nila.

<sup>74</sup> Maraming beses noong sila'y pinapatay bilang martir, itinatayo nila ang ministro sa kalagitnaan nila (nang *paganoon*) at pinapatay silang lahat ng mga tao nang sabay-sabay. At grabe pang ibang kasamaan ang ginawa nila sa mga tao na 'yun! Sinunog nila sila. Kinaladkad nila ang naturang mga kalalakihan at ipinako sila sa...sa mga troso, at magpapakawala ng mababangis na aso, o...at ibubunsod ang mga aso na ngalngalin ang likod nung taong 'yun, mahahaltak dun ang mga bituka nila bago mamatay. Dinadakis ang mga kababaihan, tatagpasin ang kanilang kanang dibdib, at hahayaan silang tumayo roon habang ang puso nila'y pumipintig, at pumipintig nang pumipintig hanggang sa sila'y matumba, nang patay na, katulad nun. Kukunin ang kanilang mga anak mula sa mga nagdadalang-tao na mga nanay at ipapakain ang mga bata sa mga baboy at mga hayop, patatayuin ang mga nanay dun at ipapapanood. At lahat na ng uri!

<sup>75</sup> Ngayon, hindi n'yo nga malulubos maisip na ang mga taong nag-aangkin na Cristiano'y magagawa ang ganoon. Pero pakinggan n'yo, ang sabi ng Biblia, sabi ni Jesus, "Darating ang panahon na papatayin nila kayo, iniisip na gumagawa sila para sa Diyos ng isang gawain." Naalala n'yo, ang siya ring Jesus na nagsabi nun, sa pamamagitan ng siya ring Espiritu, ihinula 'yun uli sa huling kapanahunan. Mangyayari talaga 'yun. Kung ang iba pang bagay na ito'y sadyang tumama mismo nang ganap sa Kasulatan, antabayanan n'yo at tingnan kung hindi nga ito lalakip nang eksakto sa Kasulatan at sa kasaysayan. Diyos mismo ang nagsabi na mangyayari ito, heto ang kasaysayan na nagsabi na ito'y tunay na nangyari; Diyos mismo ang nagsabi na mangyayari 'yun dito, at dito nga 'yun tunay na nangyari. Kita n'yo, sadyang eksakto. Kung ganoon anong gagawin natin sa pagsapit natin sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea (kita n'yo, dito nga sa kinalalagyan natin ngayon) at ang mga kapighatian at mga bagay na binigkas laban dito?

<sup>76</sup> Kaya, ngayon, pagkatapos nun, naroon siya sa loob na nananalangin habang ang kanyang kongregasyon ay naghihintay. At may pulubi na lumapit sa pinto at kumatok sa kanyang pinto, at binuksan niya ang pinto (at abala siya), at sinabi ng pulubi na nagnanais siya ng isang—isang kasuotan. Ang pulubi'y hubad at walang-wala, malamig noon, at ang



sabi niya. . . Ipinadala niya ang pulubi para katagpuin ang punong diyakono. At nayamot ang punong diyakono sa pulubi at pinalabas siya. At noong pinalabas siya, pinagpapasa-pasahan, kaya bumalik ang pulubi at sinabi kay San Martin na 'yung—na 'yung—'yung diyakono'y pinalayas siya.

<sup>77</sup> At kaya pagkatapos, noong mga sandaling 'yun, ang punong diyakono na 'yun ay pumasok at medyo magaral na sinabi sa kanya, na, “Hinihintay ka na ng iyong kongregasyon! Pinaghihintay mo pa sila!” Pero siya nga'y nasa pananalangin noon. Mas mainam nga na manatili siya sa pananalangin hanggang sa maramdaman niya na pinangungunahan siya ng Diyos na lumabas na.

<sup>78</sup> At ang pulubi na ito'y bumalik sa pintuan. At hinubad ni San Martin ang sarili niyang mainam na damit at ibinigay 'yun sa pulubi, at inutos sa—sa—sa punong diyakono na magpunta't kumuha ng isa pang damit at dalhin 'yun sa kanya. Kaya humayo ang diyakono para kunin ang damit, ano't anuman, at ipinasuot 'yun kay San Martin. At ang suot nga niya'y ang mas mahinang klaseng damit sa harap ng mga tao sa halip na yaong mainam niyang damit.

<sup>79</sup> Kita n'yo ipinapakita lang: na ibigay n'yo dapat ang pinakamainam na mayroon kayo, ibigay n'yo ang buhay n'yo mismo, ibigay n'yo ang oras n'yo, ibigay n'yo ang lahat kay Cristo. At ang siya ring Espiritu na nabubuhay kay Cristo, ay nabubuhay sa inyo, at—at ang impluwensya n'yo sa inyong pamayanan at sa mga tao na nakakasalamuha n'yo, ay magiging katulad na katulad kay Cristo hanggang sa magbubunsod 'yun ng siya ring bagay na ginawa ni Cristo.

<sup>80</sup> Sa wakas darating ang panahon na ang mga taong hihimlay lang sa ilalim ng mga anino n'yo ay mapapagalang na. Ganoon—ganoon nga, talagang lubos-lubos ang kapangyarihan ng pag-ibig sa palibot nila. At sinabi nila 'yun “Noong si San Martin ay nangangaral, matapos na siya'y lumabas dun na ang suot-suot ay yaong mas mahinang klaseng damit, mangyari nga na napansin ng buong kongregasyon ang isang kumikinang na Liwanag sa buong palibot niya.” Uh-huh. Kita n'yo? Kita n'yo, dahil ginawa niya ang tamang bagay.

<sup>81</sup> Lagi n'yong gawin ang tama, na siyang tungkulin sa Diyos; mag-isip kayo nang tama, 'yan ang tungkulin n'yo sa sarili n'yo; at siguradong lalabas kayo nang tama. Ganoon nga, kailangan n'yong gawin 'yun.

<sup>82</sup> Ngayon, nais nating magsimula ngayon sa pagsisikap na talakayin ito sa kanon ng mga paliwanag, ngayong gabi, dahil Ito'y nakikipag-ugnay mismo nang napakalakas.

*Ngayon, sa anghel ng iglesia ng Pergamo ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas*

*na dalawang-...tabak...matalas na tabak na may dalawang talim;*

<sup>83</sup> Ngayon nais kong mapansin n'yo na Kanyang ipinapakilala ang Kanyang Sarili muli ngayong gabi sa pagka-Diyos. Bawat iglesya ay isa sa Kanyang maluwalhating kalagayan: ang Isa na yaon na may labing-dalawang bituwin...o “pitong bituwin sa Kanyang kamay, Siya na may tabak na may dalawang talim,” kita n'yo, para pong ganoon, “Siya na may mga paa na tanso, mga mata na sumisilagbo...isang ningas ng apoy.” Ipinapakilala Niya ang Kanyang Sarili uli bilang Diyos.

<sup>84</sup> Ngayon sasabihin n'yo, “Saan ba ang pagka-Diyos diyan, ‘Siya na may tabak na may dalawang talim na lumalabas sa Kanyang bibig?’”

<sup>85</sup> Buweno, ang *tabak* na 'yun ay ang “Salita.” Mga Hebreo 4, natalakay natin 'yun sa simula noong tugaygayin natin ang pagka-Diyos Niya. Ang tabak, nasumpungan natin sa Mga Hebreo 4:12, na, “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim.” Tama ba? Ang Salita ng Diyos 'yun. Yun ba'y...? Hayan, ngayon masdan, kayo'y may...kunin n'yo ang mga interpretasyon na ito. Ngayon tugaygayin n'yo pabalik ang Salita na 'yun, San Juan 1, “Sa pasimula” (sa simulang-simula) “ay ang Salita na lumikha ng kalangitan at lupa.” Tama ba? “At ang Salita ng Diyos ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Diyos ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin.” Tama ba? “Ang Salita'y nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin.”

<sup>86</sup> At heto Siya na nakatayo rito, ang Isa na yaon sa pasimula, “Sabihin mo ito sa anghel ng iglesya ng—ng Perga-...Pergamo. Sabihin mo ito sa kanya, ‘Ako ang Salita ng Diyos.’” Oh, makikita natin Siya rito sa Apocalipsis, na dumarating na ang Kanyang damit ay inilublob sa dugo, may putong sa Kanyang ulo, nakasakay sa isang puting kabayo, at sa Kanyang hita ay nakasulat, “Ang Salita ng Diyos.” Oh, gustung-gusto ko 'yun. Siya ang Salita, ang Salita ng Diyos. Haya't makikita natin ang pagka-Diyos na ito sa pasimula, na ipinapakilala ang Kanyang Sarili, na Siya ang Salita.

<sup>87</sup> Ngayon, kung Siya ang buhay na Salita, kung ganoon Itong nasusulat na ito sa Biblia ay bahagi Niya; kaya kung magawa n'yo ang tanggapan Ito, sa Kanya (na yaong Salita), ang Salita na ito ay dumarating sa inyo sa pamamagitan ng pananampalataya, na ginagawa Itong buhay, dahil ang...Oh! Saluhin n'yo Yun! Ang Salita'y dumadako sa inyo, kung ang Espiritu Santo'y naroon, Yun nga'y buhay sa pagpasok na pagpasok Nito, at bawat pangako ay totoo. Walang...“Samakatwid, kung sasabihin n'yo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at hindi mag-aalinlangan sa inyong puso.” Dahil (ano?) kayo'y Diyos na nagsasalita. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Yan mismo ang

sinasabi ng Biblia. At anuman ang sasabihin n'yo ay magaganap kung hindi kayo mag-aalinlangan, kung magagawa n'yo na ang lahat ng—ng sanlibuta'y mahungkag palabas sa inyo, na hahayaan ang Espiritu Santo na gawin kayong ganap na anak na lalaki o anak na babae ng Diyos: walang sanlibutan, walang kondemnasyon, walang pag-aalinlangan. Ano 'yun, kung ganoon? Hindi na kayo ito, ito'y ang Diyos na nasa inyo. Pagkatapos panghahawakan n'yo ang Kanyang Salita, Ito nga'y isang pangako, at sasabihin, "Ama, ito'y Iyong pangako." "Satanas, . . ." May bagay nga na kailangang kumilos. Kita n'yo? Kita n'yo?

<sup>88</sup> Ngayon, hindi n'yo 'yun magagawa hanggang sa ihayag sa inyo ng Diyos kung ano mismo ang mangyayari. Kita n'yo? Pagkatapos kapag nalaman n'yo na kung ano ang mangyayari, mangyari nga na maaari n'yong sabihin, katulad ni Jesus noon. Siya *ang* Salita. Tama ba? At sa kabila nun si Jesus, ang tao, ang tabernakulo, ang sabi, "Wala Akong gagawin maliban na ipakita muna sa Akin ng Ama unang-una."

<sup>89</sup> Kung ganoon nga'y hindi 'yun ang Salita hanggang sa mahayag 'yun sa inyo. Nakukuha n'yo ba? Hindi nakapagtataka na may mga taong nagsasabi "lipas na ang panahon ng mga himala," ang Salita kasi'y hindi nahayag sa kanila. Hindi nakapagtataka na hindi nila mapaniwalaan ang Espiritu Santo, ang Salita kasi'y hindi nahayag sa kanila. Hindi nakapagtataka na hindi nila makita ang kapahayagan tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Salita'y hindi pa nahayag sa kanila; at sa kabila nun ay wala silang mabalingan na isa mang Kasulatan, walang dako nga kung saan mayroong sinuman na nabautismuhan kailanman sa ibang paraan.

<sup>90</sup> Tungkol sa Espiritu Santo, sinabi ng Biblia na "Walang makatatawag kay Jesus na Cristo, sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo," at heto ang mga tao na sinasabi na hindi raw sila naniniwala na ang Espiritu Santo ay tama. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi 'yun ginawa para sa kanila. Sabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na ilapit muna siya ng Aking Ama. At ang lahat ng sa Ama" (pangnagdaan) "na ibinigay sa Akin ay lalapit sa Akin." Oh, hindi ba't napakaganda n'yan! "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay lalapit sa Akin. Wala sa kanila ang mawawaglit maliban sa anak ng kapahamakan, at Aking . . . (ipinanganak siya sa layunin na 'yun), at ibabangon Ko siya sa huling araw."

<sup>91</sup> Oh, grabe! Doon nga nakalagay ang ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero: mula nang itatag ang mundo. Hindi ba't ang ganda nun! Papaano tayo makakapag-alinlangan?

<sup>92</sup> Oh Diyos, Iyo pong iwaglit ang pag-aalinlangan sa kalagitnaan namin, sadyang tuliin Mo ang kahabag-habag naming mga taong puso hanggang sa wala nang matira na pag-

aalinlangan sa buong kalagitnaan namin. Yan ang panalangin ko. Iyong pagulungin palayo ang bawat pag-aalinlangan, Panginoon. Iyong pahintulutan na ako'y makapamuhay nang sadyang kalugud-lugod, may kababaan ng loob, at makalakad gaya ng isang—gaya ng isang kordero ng Diyos sa ibabaw ng lupa. Iyong pahintulutan—pahintulutan ako na makalakad gaya ng Kanyang paglakad. Iyo pong itulot na ako'y makapagsalita gaya ng Kanyang pagsasalita. Itulot nawa na ang aking mga motibo ay gaya sa Kanyang mga motibo. Iyong pahintulutan—pahintulutan ako . . . Pahintulutan Mo na ang ibang tao'y makita si Jesus sa akin. Iyo pong itulot na mawaglit ko ang sarili ko't masumpungan ito, Panginoon, sa Iyo. Ganoon po, itulot na aking mawaglit ang aking sarili at masumpungan ito sa Iyo; na sadyang nababalot kay Cristo hanggang sa wala nang puwang pa para mag-alinlangan, sadyang kung ano lang ang sinasabi Niya.

<sup>93</sup> Ngayon, huwag kayong lalabas dito at sasabihin, “Luwalhatiin ang Diyos! Hallelujah! Purihin ang Diyos! Nakita n'yo na ba ang magagawa ko? Luwalhatiin ang Diyos!” Hindi n'yo pa Ito nakakamtan kung ganoon. Hindi ganoon ang pamamaraan Niya na ginawa Niya ito, hindi, na magliliyad ng dibdib at magsasabi, “Nakikita n'yo ba ang kaya kong gawin? Siyanga, po. Ako ang ga- . . .” Hindi. Hindi Siya kailanman umangkin ng papuri sa kung ano, ibinigay Niya 'yun sa Diyos at lumakad nang may pagpapakumbaba at nang kalugod-lugod, na may kung anong kapaligiran sa paligid Niya hanggang sa ang mga tao'y gustung-gusto na makasama Siya. Maging ang mga kaaway Niya . . . At iniibig Niya sila nang sapat na anupa't Kanyang ipinapanalangin sila nang walang tigil, sa lahat ng oras. At 'yun ang inyong huwaran, aking huwaran, na gumawa para sa iba gaya ng ginawa Niya para sa atin.

<sup>94</sup> Ngayon, nais nating mapansin ito rito ngayon, sa ika-2 talata, tatapat sa ika-13:

*Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at—at kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa . . . luklukan ni Satanas . . . at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, . . .*

<sup>95</sup> Kita n'yo, nananahan sila kung saan naroon ang luklukan ni Satanas, at sa kabila nun ay iniingatan nila ang Pangalan ni Jesus. Kita n'yo, “At hindi ikinaila ang Aking pananampalataya.” Anong klaseng pananampalataya ang ibinigay Niya sa kanila? Pentecostal na pananampalataya, sa pasimula. Mayroon din silang pananampalatayang Nicolaita roon, isang organisasyong iglesya, at iba pa, na kanilang itinatayo, isang iglesya na iiral sa ilalim ng organisasyon; pero ang sabi Niya, “Nilayuan n'yo 'yun, kinapootan n'yo 'yun, at ganoon din Ako. At hindi ninyo ikinaila ang Aking Pangalan;

hindi kayo napadpad tungo sa kanilang mumunting mga kulto't mga bagay-bagay, nanatili kayong matuwid sa Aking Pangalan. At kamit n'yo pa rin ang Aking pananampalataya gaya ng kung ano ito sa pasimula." Oh, gustung-gusto ko 'yun!

*... hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni (sa palagay ko ang bigkas n'yo rito ay A-n-t-i-p-s) Antipas na aking tapat na martir, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.*

<sup>96</sup> Hihinto lang muna ako riyang pansumandali. "Luklukan ni Satanas." Nais nating parang saysayin ang mga bagay na ito, nais kong masalo n'yo Ito. Siguraduhin n'yong masalo, ngayon. "Satanas, luklukan." Ngayon, binanggit ng Diyos sa Genesis kung saan naroon ang luklukan ni Satanas, at 'yun ay nasa Babilonia. Noon pa'y 'yun ang luklukan ni Satanas, at sa Apocalipsis ay 'yun din 'yun. Pero, kung mapapansin n'yo, nagpalit ang Babilonia mula *pagano* papuntang "papal."

<sup>97</sup> At ngayon sa unang mga taon, o bago mismo ito maganap (mga ilang taon lang), pinausbong ng luklukan ni Satanas ang dakilang... sa palagay ko matatawag n'yo siya na isang saser... haring-saserdote ng mga Caldeo. Nagpalit ng kanyang luklukan ang herarkiya ng Babilonia noong ang mga taga-Persia'y hinahabol siya, at umalis siya ng Babilonia. Ang pangalan niya ay A-t-t-a-l-u-s, Attalus, ang dakilang haring-saserdote ng Babilonia. Noong makapasok ang mga taga-Persia at sinakop ang Babilonia, pinalayas ang mga Caldeo; si Attalus, na kanilang haring-saserdote'y, tumakas at nagtayo ng kanyang luklukan sa Pergamo. "Sa *luklukan ni Satanas* ay diyan kayo tumatahan." Nakukuha n'yo ba?

<sup>98</sup> Ngayon, 'yan ang dahilan kung bakit binabalikan ko para kunin ang kasaysayan na ito mula sa kasaysayan ng iglesya, hinahanap kung saan... sa kung anong lugar noong Kanyang sabihin, "Ikaw ay nakatahan sa kung saan naroon ang luklukan ni Satanas."

<sup>99</sup> Sa isip-isip ko, "Buweno, saan nga 'yun kaya naroon, isang tiyak na lugar na, 'luklukan ni Satanas?'" Pagkatapos nasumpungan ko na ang mataas na haring ito, matapos na siya'y tumakas-takas mula sa mga mananakop na mga taga-Persia na humalili na (ayon sa pangitain ni Daniel), napunta siya roon sa siyudad ng Pergamo, sa Roma, at doon itinatag ang kanyang punong-himpilan. Binago ni Satanas ang kanyang punong-himpilan mula Babilonia ay naging Pergamo, kung saan (sa hinaharap) ay pasisimulan niya ang bagong Babilonia. Oh, grabe! Ngayon nakuha n'yo na ang mga pambungad na kaalaman na 'yan kung nasaan na tayo. Sige.

<sup>100</sup> Ngayon, at doon ay pinatay niya itong kahanga-hangang kapatid, pinatay na martir sa dakong 'yun, si Antipas.

<sup>101</sup> Pagkatapos binago niya ang kanyang pamamaraan. Una'y taga-usig siya ng mga Cristiano. Oh, ganoon na lamang na kinamumuhian niya ang Cristianismo! At siya'y saserdoteng-hari sa kanyang sarili, pagano sa kalikasan at pamamalakad. Pagkatapos binago niya ang kanyang pakikitungo at nakipagsama kay Constantino.

<sup>102</sup> Si Constantino noon pa'y kinikilala (at maging ng papa sa panahon ngayon) na pinagmulan ng Knights of Columbus, ngayon, 'yung isa na 'yun na nagbigay nung madugong panunumpa na 'yun. Pero si Constantino (sinasabi ko ito nang may pagpipitagan at paggalang), sa aking nabasa sa kasaysayan, ay hindi siya nabagong-loob talaga.

<sup>103</sup> Ngayon, nanaginip siya ng isang panaginip isang gabi, na kung siya . . . may nakita siyang krus, at sinabi na sa pamamagitan nun ay kanyang pananagumpayan ang labanan; at ang . . . mangyari nga na siya'y nangako ng kaluwagan sa mga Cristiano, na siya'y magiging Cristiano raw, kung mananalangin sila para sa kanya na manalo sa labanan. At tumayo ako noon sa tulay na 'yun doon, kung saan siya . . . sa kabilang panig nung kanilang tulay, habang natutulog, nakapanaginip siya ng panaginip na ito; at nagising, at nagpapinta siya ng puting krus sa kalasag niya at sa kalasag ng lahat ng mga kawal niya. At doon nabuo ang Knights of Columbus na nasa ilalim ng dominasyon ng Romano Katoliko. Pero ni minsan ay hindi siya gumanap ng isa mang bagay na ukol sa relihiyon; ang tanging bagay na kanyang ginawa na nasulat sa kasaysayan, gaya ng nakita ko, ay, siya'y naglagay ng krus sa ibabaw ng Simbahan ng St. Sophia. (Huh!) Anupa't siya'y isang politiko, at noong siya na ang emperador ng Roma noong panahon na 'yun, siya at ang paganong saserdote na ito, magkasama, na bumuo ng pagsasama't pinausbong ang iglesyang malahininga na tinawag na Nicolaita noong panahon na 'yun. Ang Cristianismo noon, yamang nakakiling tungo sa kaparian, at nagnais sila na magkaroon nun sa kanilang simbahan, na natalakay na natin sa panghinaharap na pag-aaral ng iglesya ng Efeso, at iba pa, at— at ukol sa Smirna; ang mga Nicolaita na 'yun.

<sup>104</sup> Ngayon ang mga Nicolaita'y naging isang . . . hindi na lang isang “mga gawa” gaya noon sa pasimula *rito*, pero *dito* nga'y isa nang “doktrina.” Dito ay isang “mga gawa,” sinusubukan lang nila noon na maipasok 'yun; pero dito nga sa ikatlong kapanahunan ng iglesya haya't ito'y naging isang “doktrina,” mga punong kaparian, bantog na mga tao. Hindi pa sila tinatawag na mga papa, noon; pero tinatawag na sila noon, gaya ng, arsobispo, kagalang-galang na kalalakihan, alam 'yo, bantog. At ang doktrina nila ay, ay, 'yun ay pormal.

<sup>105</sup> Sila'y lumalayo mula sa puspos-ng-Espiritu, pinangungunahan-ng-Espiritu Santong Iglesya. Hinayaan sila na mapunta sa pagka-minorya at binansagan ang mga 'yun

na “mga heretiko,” dahil ang mga ’yun ay hindi sang-ayon sa kanila sa pagkakaroon ng naglalakihang mga denominasyon na ito. Pero ang Iglesya nga’y nagnanais na makapanatili sa ilalim ng hurisdiksyon, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo gaya ng ipinangako sa kanila ni Cristo; Na Siya’y sasama sa kanila, at ’yun ang kanilang Hari. Oh! Kanila mismong Hari!

106 Ang tunay na Iglesya’y hindi nagbago ng pakikitungo nito, na hindi ito mapapamahalaan ng kung anong lupon ng—ng. . . hindi ko alam kung anong tawag n’yo roon, mga kardinal, at mga obispo, at mga papa, na mga hindi raw nagkakamali. Naniniwala tayo na may Isa lang na hindi nagkakamali, Siya ang ating Hari, Siya si Jesus Cristo na kasama natin ngayon sa anyo ng Espiritu Santo; ang Diyos na nasa atin, nabubuhay sa kalagitnaan natin, pinangungunahan tayo at ginagabayan tayo tungo sa mga tubig ng Buhay, ipinakilala ang Kanyang Sarili; ipinapakita, gaya ng ginawa Niya noon sa mga sinaunang banal at mga martir, na Siya ang Panginoong Diyos ng paglikha, pinagagaling ang mga maysakit, nagbubuhay ng mga patay, nagpapakita ng mga pangitain, nagpapalayas ng mga diyablo.

107 Wala ni isang beses na ako’y may nakitang isang bagay, sa lahat ng mga obispo ng iglesyang Nicolaita na bumuo sa herarkiya ng Roma, ang papa; wala nga ni isang beses sa kasaysayan na may tala tayo ukol sa alinmang obispo na nagbangon ng patay, o anumang gaya nun, dahil si Cristo (ang pagkabuhay na mag-uli) ay wala sa kanilang mga puso. Sila’y nakipag-isa’t napadpad sa pagiging denominasyon, ipinagbili ang kanilang karapatan ng pagkapanganay. Pero ang Iglesya ng buhay na Diyos ay may kapangyarihan ni Cristo, ang iba pang mga iglesya ay may mga dignitaryo lang sa loob nito; pero ang tunay na Iglesya’y nanatili mismo sa Espiritu. Nauunawaan n’yo ba? Sige.

108 Ngayon ito. . . Kaya si Constantino, para mahinang ang kanyang imperyo nang buo, heto ang kanyang ginawa. Kinalap niya ang mga Nicolaita, at nagtungo sa kanila (na isang anyo ng Cristianismo). Nauunawaan n’yo ba nang malinaw? Sila’y mga Cristiano, na naturingan; nag-aangkin na mga Cristiano, kahit na walang Espiritu Santo. Oh, umaasa ako na tumimo ’yan para hindi n’yo ito kailanman maiwaglit. Kita n’yo? Ang mga Cristiano nga ’yun, denominasyunal na mga Cristiano, na walang Espiritu Santo. Sila’y Cristiano sa pangalan, sila’y Cristiano sa kanilang pagtitipun-tipon, sila’y tumatanggap ng komunyon, at sila’y tumutupad sa mga kautusan; pero, tinanggihan ang pangunguna ng Espiritu Santo. Wala silang mga tanda’t mga kababalaghan sa gitna nila, sinasabi nila na ang mga bagay raw na ’yun ay sa nakaraan; na kinailangan nilang magtayo ng isang iglesya para sa isang paghahari. Dadako tayo riyang maya-maya, kung anong klaseng paghahari. Kita n’yo?

109 Ngayon, kaya naman kinakailangan ng Espiritu Santong Iglesya na mailayo ang Kanyang Sarili mula sa mga bagay na 'yun. Pero, sa Pergamo, ang lahat ng 'yun ay inukol sa *anghel* ng iglesya ng Pergamo. Kita n'yo? Dahil Ito'y kanyang responsibilidad ngayon na gawin ito.

110 Pero si Constantino nga'y hindi interesado sa Cristianismo, ang nais niya'y dalhin ang kanyang paganong mga ninuno, kanyang paganong iglesya. At ang Laodicea na umugat at . . . o ang Nicolaita na umugat na at nakakabit na sa Roma at nagbunsod ng isang malawakang pagpapakita, at marami sa mga tao na 'yun ay mga Cristianong mananampalataya (sa tawag), pormal. At ang tunay na Iglesya nama'y nasa minorya lamang; noon pa at sa tuwina maging ganoon! Maghihintay lang po ako pansumandali, hanggang sa mapatimo 'yan nang tunay na malalim. Kita n'yo?

111 Alalahanin n'yo, ang tunay na Iglesya'y laging ang munti't maliit na grupo na itinutulak-tulak ng ibang mga iglesya. Ang tunay na Iglesya'y hindi kailanman naorganisa, dahil hindi ito isang organismo, ito ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo na nabubuhay sa lupa, na ang Espiritu Santo ay kumikilos sa mga bahagi na ito. Kaya hindi n'yo maorganisa si Cristo, hindi n'yo 'yun magagawa. Nais kong panghawakan n'yo 'yan para sa Kapanahunan ng Laodicea, ngayon. At alalahanin n'yo 'yun at ingatan ito, dahil ang bawat Salita na ipinapangusap ko ay nasa teyp na ito. At ngayon alalahanin n'yo, tandaan n'yo: ang tunay na Iglesya ng Diyos ay hindi kailanman naorganisa.

112 Ang iglesyang Katoliko ang unang organisasyon na nakilala sa mundo, kahit kailan noon ay wala pang organisasyon, at ito—ito ang “nanay na iglesya” gaya ng sinasabi ng mga Katoliko. Ito ang “nanay na iglesya.” Nanay ng organisasyong mga iglesya. Sinasabi ng Biblia na siya nga, kaya hindi n'yo 'yan mapapamalian kapag sinabi nila na 'yan ang “nanay na iglesya,” 'yun nga ang “nanay na iglesya.” Siya ang inilalarawan diyan sa Apocalipsis 17, direkta tayong dadako sa kanya. Sige.

113 Ngayon, yamang si Constantino, habang ito'y nasa kanyang isipan para palakasin ang kanyang imperyo (gaya ng ginagawa lagi noon ng Roma, para hawakan ang mga susi ng mundo), kinailangan niyang dalhin ang kanyang mga paganong ideya at ihalo sa mga Cristianong ideya, at sa kung anong paraan ay mapagsama ang mga ito, para mahinang ito na magkasama at bumuo sa kanyang sarili ng isang imperyo na pumapangalawa sa wala. Kita n'yo? Dahil sa pamamagitan nun siya ay . . . Yun nga'y magbubunsod sa kanya na maging pinaka dakilang namumuno sa buong mundo, si Constantino.

114 At pagdating naman sa pagbabagong-loob: isa siyang—isa siyang politiko, pero hindi banal ng Diyos, gaya ng sinusubukan ng ilan na palabasing ganoon siya. Hindi siya banal! Wala siyang



ginawa na anuman na sa pakinig ko'y tila Cristianismo sa akin. Mangyari nga na sa isa sa mga iglesyang Nicolaita ay naglagay siya ng isang krus; at pagdating sa anupamang ibang bagay na ginawa niya na may hawig sa Cristianismo, wala akong nakitang ganoon kailanman; maliban sa kanyang. . . noong gabi na ipinintura niya ang mga 'yun sa kanyang mga kalasag, kagaya *nun*, dahil nagkaroon siya ng panaginip, at ang mga Cristiano'y nananalangin sa kanya para manalo siya sa labanan.

115 Ngayon, kung ganoon nga'y mapapalakas nun ang kanyang imperyo. At pagkatapos para maisagawa 'yun, dinala niya ang mga paganong seremonya, papasok sa Christianong iglesyang Nicolaita. Tatawagin ko 'yun na pormal na denominasyunal na iglesyang nabubuo. Ipinasok niya ang mga paganong seremonya sa iglesyang Nicolaita, at 'yun na ang paglitaw ng Katolisismo.

116 Ngayon, kapatid, sinasaysay ko lang ang kasaysayan. Mga libo rin ang Katoliko kong mga kaibigan, at ganoon sila na palakaibigan gaya ng mga Protestanteng kaibigan ko. Pero hindi nga makabubulyaw ang mga Protestante, pero hintayin n'yo lang hanggang sa matapos ang gabing ito, kita n'yo. Kita n'yo? Makikita n'yo na ginawa rin nila ang siya ring bagay. Hindi maaaring tawagin ng kaldero ang takure na "madungis." Kita n'yo, dahil 'yun nga'y—'yun nga'y pareho lang, ang ganoon ding espiritu'y parehong dumako sa kanila. At kaya makikita n'yo kung bakit lagi kong kinokondena ang bagay na 'yun. Dahil nga mali 'yun! Ang mismong Espiritu na nasa akin, kahit pigilan ko man, at may bagay talaga sa kalooban ko na sumisigaw, hindi ko mapipigilan na manahimik na lang, sa tuwina nga. Tinatawag nilang. . .

117 Mga kilalang lalaki, sinasabi sa akin ng mga kilalang mga namumuno sa relihiyon, "Masisira mo lang ang iyong pagmimistryo. Kapatid na Branham, dahil sa mga bagay na ginagawa mo" sabi, "na—na hindi mo naman dapat pakialaman 'yan. Tinawag ka ng Diyos para manalangin para sa mga maysakit."

118 Tinawag ako ng Diyos na gumawa pa nang mas higit kaysa sa manalangin lang para sa mga maysakit. Ang pananalangin sa mga maysakit ay isang bagay lang na nakukuha ko ang atensyon ng mga tao, ganoon lang 'yun; pagkakasakit, ang pananalangin sa maysakit ay isang menor na bagay. Kita n'yo? Ang *Mensahe* ang siyang bagay na pinag-uusapan natin dito. Ang mga bagay na 'yun ay bumabalik-balik; pagkakasakit, ang tao, ang isang taong may sakit ay maaaring mapagaling at mamamatay pa rin. Pero ang isang tao na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos ay may Buhay na Walang Hanggan. Kaya ang Diyos ay hindi lang lumilibot na nagpapagaling sa mga maysakit katulad n'yan. Ang kaloob na 'yan ay nasa iglesya mismo para sa lokal na katawan; isa roon, pagkatapos sa isa pa, at pagkatapos dun sa isa pa, tapos sa isa pa. Kita n'yo? Anupa't, ang mga kaloob, ay sadyang

dumadaan mismo sa iglesya. Pero Ito'y higit pa riyan, at umaasa ako na nasasalo n'yo Ito. Buweno.

119 Ang paglitaw ng Katolisismo, para magawa ito, para maakit ang—ang mga mata ng mga Cristiano at pati ang mga mata ng mga pagano, para mahinang sila na magkasama't gumawa ng isang iglesya.

120 Oh, sana nandito sa akin 'yun ngayon, 'yung kapisaso ng papel na ipinatong ng isang tao rito noong isang gabi. Dadalhin ko sana, at ang kaso'y nakalimutan ko; marami kasing nakalapag sa palibot ng silid doon. Haya't ginagawa nila ang siya ring bagay ngayon mismo, at nagsimula 'yun noong iboto n'yo ang huling lalaki na ibinoto n'yo. Gumagawa sila ngayon para makasumpong ng isang Biblia na hindi masasaktan ang Katoliko, ni ang Judio, ni ang Protestante. Ginagawan nila sila ng isang Biblia na umaangkop sa buong bagay na 'yun. Hindi n'yo ba nakikita ang katusuhan ng isa na namang Constantino? Inuulit lang ng kasaysayan ang sarili nito. Ngayon, kita n'yo, at narito sa akin ang. . .Narinig n'yo na ako na binasa ito noong isang gabi, hindi ba? At naiwan ko—naiwan ko lang na nakalapag 'yun sa bahay, at ang mga taong ito'y trinatrabaho nila ito nang matagal na panahon na.

121 Ngayon sinasabi nila, “Sa '62 kanilang. . .” At pansinin n'yo ang Pope John XXII na dumu- . . .humiling sa lahat ng maliliit na mga anak na babaing iglesya na magsiuwi na raw sa nanay na iglesya. Huwag kayong mag-alala, uwi naman talaga siya. Uwi nga sila! Hayan siya, sila'y nakabalik na nga. Haya't hindi 'yung uwi pa lang sila ngayon, nandun na sila ngayon.

122 Gaya ng sinasabi ko, “Ang sabi ng bansang ito, ‘Buweno, kung si G. Kennedy ay mahalal, ang mga Katoliko na ang magkokontrol.’” Magkokontrol? Nagawa na nila 'yan matagal nang panahon, at wala lang kayong nalalaman tungkol dun. Sino ba ang nagpapasahod ng kanilang mga guro? Papaano nila nagagawa ang mga bagay na ito na pinapaaral sila sa kanilang mga eskuwelahan, at tinuturuan ng Katolisismo sa eskuwelahan na 'yun mismo? At kayo na mga nagbabayad ng buwis ang nagbabayad nun. Oh, sa ilalim mismo ng inyong ilong, kita n'yo, ganoon nga. Oh, grabe, ganoon nga siya magtrabaho! At sinabi ng Biblia na kukunin niya 'yun sa pamamagitan ng pandaraya, at 'yun ang ginawa niya; kita n'yo, ganoon nga; kita n'yo, nagbabayad ng buwis sa wala. Kaya, oh, marami pa sanang masasabi tungkol dito. Kailangan ko munang putulin sa mga bahaging 'yun, at babalikan na lang para talakayin uli.

123 Upang masiguro na ang bagay na 'yun ay gagana, naglagay si Constantino ng napakaraming makamundong aliwan para makuha ang atensyon ng kapwa pagano at mga Cristiano para sumali sa iglesyang 'yun. Kayo ba'y may pag-iisip na espirituwal? Kayo ba'y nag-iisip? Hindi ba't 'yun ang Mensaheng

Napapanahon? Ang iglesya nga'y may mga palarong bunco, mga kasiyahan, nagpapapremyo ng mga sasakyan, at para mapaghalo-halo ang mga 'yun, hinihinang ang kapangyarihan na 'yun na magsama hanggang sa makapagbunsod sila ng isang kapansin-pansin na dako, kagaya nga rito.

<sup>124</sup> Ngayon, ang kasaysayan po 'yan, hindi—hindi 'yan dahil sa may tinatagong personal na motibo ang sinuman, kanila lamang sinasaysay kung ano ang nangyari. Mangyari nga na ginawa niya, naghinang ng iglesya na maglakip sa pamamagitan ng makamundong mga kaaliwan, para dalhin sa pagsasama ang iglesyang Nicolaita. Ngayon alalahanin n'yo, hindi niya masasaling ang Iglesyang ipinanganak na muli. Hindi, nga, wala ni isa sa kanila. Pero ang pormal na iglesyang Nicolaita'y nahulog dun.

<sup>125</sup> At anu-ano ba ang mayroon tayo ngayon sa loob ng ating mga Protestanteng iglesya? Mga soup supper, mga aliwan, skating, (Oh, naku!) ukay-ukay, at kung anu-ano pa, kita n'yo. Ngayon, alam n'yo na katotohanan 'yan. Buweno, ngayon, kung 'yan—kung 'yan ang Salita ng Diyos, mga kaibigan, ito nga ang Katotohanan. At lahat ng mga iglesyang Protestante'y may sala! Kita n'yo?

<sup>126</sup> Ngayon, hindi kailanman naging plano ng Diyos ang—ang magkaroon ng mga soup supper at mga sayawan sa ibabang silid, at lahat ng kung anu-anong aktibidad na 'yan, para masahuran ang pastor at kung ano pa. Kung ang mga tao'y maturuan lamang na magbayad ng kanilang ikapu, sapat na 'yun. Yun ang plano ng Diyos. Anupa't ang Diyos ay may plano, pero ang tao'y gustong gumawa ng sarili niyang plano, hinahaluan ang plano ng Diyos. Buweno.

<sup>127</sup> Ngayon, sa pagsasagawa nito, napagsama nila at naitatag ang sinaunang . . . nabuo ang unang iglesyang Katoliko, paglaon. Pagkatapos sa unang malakihang Konseho ng Nicea . . . Noong mabasa ko po 'yun, ako nga'y napaluhod. Ang malakihang Konseho ng Nicea ay naganap noong A.D. 325, lahat sila'y pinagtipun-tipon, ang mga obispo't mga magulang ng Cristianong pananampalataya'y pinagtipun-tipon na sama-sama sa Nicea. Yan ang dahilan kung bakit tinawag 'yun na Konseho ng Nicea, noong A.D. 325. At mga nasa labing-limang daang delegado ang dumating sa—sa—sa kombensyon, o sa konseho, nasa labing-limang daang delegado, at mas marami ang bilang ng ordinaryong miyembro kaysa sa mga obispo't lima sa isa (sa delegasyon); pero sa kabila nun, sa pamamagitan ng mga Nicolaita (ang malamig na mga pormal) at makapulitikang plano ni Constantino, nalamangan nila sa boto ang tunay na Iglesya at nakamit ang panalo, at nagpalagay na ng mga obispo't sagradong orden ng mga kalalakihan; na inalis na ang—ang Espiritu Santo mula sa pagtitipon, at itinalaga 'yun sa mga obispo, sa mga kardinal, at mga papa, at iba pa.

<sup>128</sup> Ang siya ring baluktot na pagkakasundo na ginanap ng partido Democrat sa huling bagay na ito! Ngayon, ganoon nga. Ngayon, hindi tayo. . . Aking. . . At ang mga Republican nga'y ganoon na ring kabulok. Pero ang sinasabi ko lamang dito'y ang tungkol dun sa isang bagay na pinatunayan nila (ni Edgar Hoover) sa California, at marami pang ibang lugar: mayroon sila roong mga makinang pamboto na kung saan kapag binoto n'yo si G. Nixon, maiboboto n'yo rin si—si Kennedy nang sabay. Wala nga siyang laban. Buweno, ngayon na napatunayan nila na may “mali,” kung ganoon bakit wala silang gawin tungkol dun? Nabubuhay na tayo sa oras na 'yan, na anupa't, nandito na tayo sa huling panahon. Alam nila 'yun, pinatunayan nila na sila'y baluktot, at ngayon wala silang gagawin na anuman tungkol dun.

<sup>129</sup> Napakabaluktot na grupo 'yun noon, at heto ang paglitaw nito uli: na maglalagay ng isang partikular na tao, para magpasok mismo ng partikular na doktrina; doktrinang Nicolaita, na noon ay isa—isa lamang *mga gawa*, ngayon ito'y naging isa nang “doktrina.” Noong panahon ni Al Smith ito'y *mga gawa*, pero ngayon ito'y isa nang “doktrina.” Uh-huh, uh-huh. Ngayon narito na ito, narito na sa atin. “Oh, magiging mahusay na presidente siya,” wala nga 'yung duda sa isip ko; tunay, para sa susunod na termino, hanggang sa magawa niya na mahinang, tipunin ang mga pagano't Cristianong pormal na mahinang na maglakip.

<sup>130</sup> Trinatrabaho nila ang mga Biblia, sa pagsisikap na mapaglakit, ang mga papa, mga kardinal. Ang arsobispo ng Inglatera, ang arsobispo ng Canterbury, nakatagpo ko siya, nakipagkamay sa kanya, nakausap siya, ako mismo, noong nasa Inglatera ako; 'yung kanyang legging na pantalon ay halos umaabot na sa kanyang balakang, at (Oh!) medyo nakakatawang manamit na lalaki. Pero nagtungo siya roon para bisitahin ang papa, ang unang beses na bumisita sila sa loob ng daan-daang taon. Ano 'yun? Nandito na tayo sa huling oras!

<sup>131</sup> Yan ang dahilan kung bakit nakatayo ako rito ngayong gabi sa halip na sa entablado sa kung saan na nagsisikap na mangaral at manalangin para sa mga maysakit. At hindi ko naman mapaglalakip lahat sa mga entablado (na uulit-ulitin ang mga mensaheng ito), at 'yan ang dahilan kung bakit itinitayp natin Ito at ipapadala Ito sa buong mundo, para mabalaan sila't manumbalik sila sa Pananampalataya.

<sup>132</sup> Maski noon sa dulo ng kapanahunang Cristiano, diyana sa Jude, bago maisulat ang Aklat ng Apocalipsis; si Saint Jude, ang itinuring na kapatid (kinakapatid) ni Jesus, ang sabi, “Nais kong makipaglaban kayo nang masikap para sa Pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal.” Unti-unti kasi silang lumilihis noon, matapos ang kamatayan ng Panginoong Jesus. At ngayon gaano na kaya silang kalihis sa gabing ito? Kita n'yo.

133 Ngayon, itong unang Konseho ng Nicea, at 'yun ay noong A.D. 330 . . . 325. Mga nasa labing-limang daang delegado at mga obispo ang dumalo sa pagtitipon, pero nadaig sila sa desisyon, sa malabo't, magulong konseho na 'yun. At dinaig sila sa desisyon, at ang boto'y nanaig ang mga Nicolaita, at 'yun ay nangangahulugan ng . . . lahat ng mga kaiglesyahan, ay ilalagay sa ilalim ng superbisyon ng mga papa o—o mga obispo, o kung ano; kinuha ang kapangyarihan mula sa Iglesya at ibinigay 'yun sa mga obispo, upang ang mga obispo ang mamuno sa Iglesya at sila lang daw ang tanging may boses ukol Dito.

134 Napansin n'yo ba sa iglesyang Katoliko ngayon? “Hindi n'yo puwedeng basahin ang Bibliang 'yan, hindi 'yan para sa inyo na ipaliwanag. Ang obispo lang.” Nakita n'yo na kung saan 'yun nanggaling? Ngayon makikita n'yo kung ano mismo ang mga Nicolaita bago ito nagsimulang umuha't gumapang. Ipinanganak 'yun doon mismo. Ganoon nga. At isang anyo 'yun ng Cristianismo; mapasa hanggang ngayon!

135 At pagkatapos ang Protestante'y ginaya 'yun mismo. Ang Biblia, sa Apocalipsis 17, sabi, “Ang nanay at ang mga anak na babae.” Dadako tayo riyang maya-maya, loobin ng Panginoon. Ngayon mapapansin n'yo ganoon din ito sa panahon ngayon, sila ang nanaig. Ngayon, ginamit ni Constantino angistratehiya ni Balaam.

136 Ngayon, nais kong subukan n'yong pakinggan ito sa abot ng makakaya n'yo. Ngayon, ang sabi Niya rito, sa Biblia rito, “Ingatan n'yong matibay ang Aking pananampalataya.” Ngayon:

*. . . mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka . . . ka . . . sapagka't mayroon ka diyang ilan . . . (hindi ilan dito, kundi diyan; mayroon sila nito, “mayroon ka nito sa—sa iglesyang Pergamo,” kita n'yo) . . . na nanghahawak sa aral—sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid.*

137 Ngayon, ginamit ni Constantino ang parehong istrategiya na ginawa ni Balaam. Nagkaroon sila ng pulong pagkatapos nung pagtitipon ng konseho roon ukol sa paglalagay ng mga obispo sa mga kaiglesyahan, at iba pa, para pamunuan 'yun, at kunin ang lahat ng pamamahala mula sa ordinaryong mga miyembro, “At wala silang pag-iisip para sa kanilang mga sarili, at wala rin silang karapatan para ipaliwanag ang Mga Kasulatan.” At ang lahat daw ay dapat na isalalay sa mga pari, na sila ang magpapaliwanag daw ng Mga Kasulatan.

138 Sa dulo, paglaon, gumawa sila ng pangulong pari, at sila . . . isang bikaryo, na tinatawag na papa. Pero ngayon dumating sila

sa punto kung saan sinasabi nila, “lahat ng—lahat ng kaunawaan ay nauukol lang sa pari, at hindi na kailangan ng kongregasyon na magbasa ng Biblia, wala silang dapat gawin na anuman;” at, sa totoo lang, sila . . . itinatago nila mula sa mga tao ang Biblia. At ngayon kanilang—kanilang inangkin na mismo ang lahat na pamamahala sa sarili nila at pinagbotohan sa atin dahil mainam ’yun sa paningin.

<sup>139</sup> Mainam sa paningin dahil sila’y mayaman, at iba pa, at ibinigay niya ang . . . Sa malaking pagtitipon na ito, noong ipatawag niya na sama-sama, haya’t namigay na si Constantino ng magagarang gusali sa mga obispo; may pera siya at—at lahat nitong naglalakihang mga lugar ng magagarbong . . . tulad ng mga gusali, ibinigay niya ang mga ito sa iglesya, para magamit nila ang mga ito bilang—bilang mga bahay-sambahan. Oh, naggagandahang mga gusali ito, pinag-igi nang husto, at kung ano pa, mangyari nga na ibinigay niya ang mga ito sa iglesya.

<sup>140</sup> Maliban dun, dinamitan niya ang mga obispo nang magagarbo’t malalaking balabal, at may mga panloob pa na kasuotan at mga bagay-bagay na pang-ilalim. At maliban dun, inilagay niya sila sa . . . o nagtayo ng isang mataas na dako na parang ganito, at inilagay sila roon na parang diyus-diyosan. At sa ibaba nila ay gumawa siya ng marmol na mga altar, sa ilalim nila. At ginawa niya ang lahat ng pagbabago na ito, mula sa ideyang pagano, patungo, at inihalo ang Cristianismo roon sa pamamagitan ng paglalagay ng kanilang obispo. Kita n’yo, inalis lang nila ’yung diyus-diyosan at ang inilagay roon ay ang obispo. Kita n’yo, siya ang ginawang altar, parehong-pareho, at siya ang ginawang diyus-diyosan. Inilagay roon ang obispo, at nasa kanya raw ang lahat ng awtoridad, dinamitan siya at pinagmukhang isang diyus-diyosan. Sa halip na ilagay siya roon na parang paganong mga diyus-diyosan nila, dinamitan nila siya ng balabal na kagaya ng isinuot ni Jesus. Kita n’yo? At pinagmukha nila siyang isang diyus-diyosan na nakaupo roon.

<sup>141</sup> Oh, maiisip n’yo nga kung papaanong sinabi ng pagano, “Buweno, ayos lang sa akin ’yung ganoon, lalo na’t nakakapagsalita ito pabalik sa amin. Matagal na kaming nagsasalita sa isang diyus-diyosan, pero ang taong ito ay nakakapagsalita sa amin.”

<sup>142</sup> Ganito naman ang iniisip ng mga Cristiano, “Buweno, mainam ’yan. Ngayon magagawa natin ang nais natin dahil hayon ang ating diyos. Magagawa na natin na . . . Makakausap natin siya, masasabi niya sa atin bilang tugon kung anong gagawin. Kung nagkakasala tayo, masasabi natin sa kanya ang tungkol dun, mabibigyan natin siya ng kung anong munting bagay, at isang munting . . . magsasagawa ng munting novena o kung ano; at malalaman n’yo na lang, ayos na tayo, at sa paglabas natin haya’t pakiramdam nati’y malaya na uli tayo. Hindi na kailangang mag-alala sa kung anong bagay.”

143 “Oh, ang inam sa paningin.” Tunay! Yun nga’y ganoon pa rin mismo sa karnal na pag-iisip, pero hindi n’yo nga ’yun maisisiksik sa isang ipinanganak na muling anak ng Diyos. Hinding-hindi nila ’yun magagawa. Dahil nakikilala niya kung Sino ang kanyang sinasampalatayanan at lubos na naniniwala na may kakayahan Siya na ingatan ang ipinagkatiwala sa Kanya hanggang sa araw na yaon. At kinakalimutan ang mga bagay na nasa likuran na, nagtutumulín tayo hanggang sa hangganan ng dakilang pagtawag ni Cristo. Amen! Oh, grabe nga akong nagpapasalamat!

144 Marmol na altar sa ilalim niya, na nakaupo roon, nadadamitan nang husto, sa isang mainam na iglesya. Oh, naku, inayusan talaga sila. Buweno. At ang altar na ito’y nalalagan nang husto, itong marmol na altar, maganda. Kung makikita n’yo lang, parehong-pareho. Kinalupkupan ng ginto, at napapalamutian ng mga hiyas, mamahaling mga bato sa altar na ito. Napakaganda! Angkop na angkop sa mga Nicolaita at mga pagano. Nakita n’yo ba kung anong ginawa niya? Kinuha niya ang mga paganong seremonya, mga paganong ideya; at kinuha ang Cristianismo, ang mga malalamig na pormal na walang nalalaman na mas mainam, na mga walang Espiritu Santo para pangunahan sila sa iba; at ginawan sila ng diyus-diyosan dito sa lupa, at gumawa ng isang altar para sa kanila, at isang diyus-diyosan na uupo roon para patawarin ang kanilang mga kasalanan. Kayo ba’y espirituwal? Nauunawaan n’yo ba ang ibig kong sabihin? Nakikita n’yo ba ito? Isang paglaktaw-sa-kasalanan na kapatawaran sa lupa.

145 Hindi ko po ito sinasaysay mula sa isip ko, ito po’y kasaysayan. Maibibigay ko mismo sa inyo ang pahina at numero ng sagradong kasaysayan, gaya nga ng kung papaanong masasaysay ko sa inyo si George Washington, at si Abraham Lincoln, at ang Labanan sa Gettysburg, at iba pa. Tunay, ang lahat ng ito’y kasaysayan na sinasaysay ko rito.

146 Ngayon, kung ganoon ay angkop na angkop mismo para sa...hindi sa ipinanganak na muling Iglesya. Hindi, po! Buweno, noong maglagay sila ng isang lalaki sa itaas doon, para maging pangulob obispo, para umusal ng mga seremonya, tunay nga na pinalabas na nun ang Buong Ebanghelyo. Ganoon din ngayon. Ang mga kapanahunan na ’yun ay ipinagpatuloy lang ’yun, umaabot pa nga sa isa’t isa, kita n’yo; umiba lang ang anyo, kapag umiiba ang panahon. Oh, noong maglagay sila ng dignitaryo sa itaas na parang isang diyus-diyosan, at may ilang seremonya siya na inuusal.

147 At pansinin n’yo na ang mga pagano’y nananalangin sa kanilang mga patay na ninuno. At heto ang isang Protestanteng iglesya na tatayo at magsasabi, “naniniwala ako sa Santo Romanong Iglesya at sa komunyón ng mga santo.” Kayo na mga Methodist ay itinatago n’yo ang inyong mukha, mga

Presbyterian, at mga Lutheran. Anumang bagay na may pamamagitan sa patay ay espirituwalismo! Tunay. Pero, ngayon, hindi nga matatawanan ng Protestante ang Katoliko, paano't ginagawa rin niya ang siya ring bagay, nagbibitiw mismo ng sapat na sapat na pag-amin na naniniwala siya sa siya ring bagay na 'yun; nagbabautismo gayang-gaya sa iglesyang Katoliko sa pamamagitan ng kanyang pagbabautismo sa tubig, tinatanggihan at nililibak ang mga tao na nagsisikap lang na makapamuhay nang tama; kapag dumalo sa isang simbahan at makikita ang mga tao roon na sumisigaw sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, tatayo at labas at lilibakin Ito. Lahat ng 'yun.

<sup>148</sup> Kita n'yo, hindi namamatay ang mga espiritu; namamatay ang mga tao, pero hindi ang mga espiritu. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo, hindi Ito mamamatay. Naroon Ito kay Jesus noon, ngayon Ito'y nasa Kanyang Iglesya; sa tuwina nga hanggang sa Siya'y dumating *para* sa Kanyang Iglesya, dahil Ito'y bahagi Niya. Kita n'yo? Mga nag-uusig, kanilang nililibak sila noong panahon na 'yun, sila'y nabubuhay pa rin mapasa hanggang ngayon. Kinukuha ng Diyos ang Kanyang tao pero hindi ang Kanyang Espiritu sa lupa. Ang diyablo'y kinukuha niya ang kanyang tao pero hindi kailanman ang espiritu mula sa lupa.

<sup>149</sup> Ang mga saserdote na 'yun na nagtaguyod ng kamatayan ni Jesus, na sinabi na Siya'y isang "manghuhula," o isang "diyablo," ang mga taong 'yun ay relihiyoso kung papaano ngang ganap na relihiyoso. Ganoon nga. Alam na alam nila ang Kasulatan letra por letra, pero hindi nila alam ang tunay na kapaliwanagan Nito. Mayroon silang sariling ideya, at hindi sila makikinig sa kung anupamang iba. At pagkatapos nakita nila Siya at alam. . . Papaanong mabibigo sila na makita na si Jesus ay hindi sumapat sa lahat ng sinabi kailanman ng bawat propeta tungkol sa Kanya? Pero mga bulag sila. At sinabi ng Diyos na Kanyang binulag ang kanilang mga mata para sa isang layunin, nang sa gayon ay magkaroon tayo ng pagkakataon sa kaligtasan.

<sup>150</sup> Ngayon inihula muli ng Biblia na Siya'y. . . na tayo'y narito sa Pentecostal na Kapanahunan, na mga "hubad, maralita, bulag, at di 'yun nalalaman." Hayan nga ang kalagayan ng iglesyang, Filadelfia. Oh, kayo na mga pormal na Baptist, mga Presbyterian, at mga Pentecostal! Kita n'yo, ganoon nga kayo. Kung minsan po'y hindi sa inyo na mga nakaupo rito ko ito pinatutungkol; nasa teyp po ako, kita n'yo, at alam ko kung saan ito aabot. Kita n'yo? Magsisi kayo! Manumbalik kayo sa Biblia! Manumbalik kayo kay Cristo!

<sup>151</sup> Buweno, pero 'yun nga ang nangyari, ang Buong Ebanghelyo'y tinulak palabas. Ang mga tanda't mga kababalaghan sa iglesya'y iwinaksi, at noong ang Espiritu Santong grupo'y itiniwalag mula sa iba pa, mangyari nga na



ikinaila nila na nagkaroon nang ganoong araw. At kung papaano 'yun sa . . . At heto't ginagawa nila ang siya ring bagay ngayon! Ganoon mismo. Nakikita n'yo ba ang espiritu nito? Gaya ng sinabi ko sa inyo; sa pasimula, paganahin n'yo ang espirituwal n'yong pag-iisip, hayaan n'yong buksan ng Diyos ang puso n'yo. Huwag kayong negatibo agad, maupo kayo at makinig; sabihin, "Espiritu Santo, Iyong ihayag sa akin. Nakikita ko ito, hayan nga ito."

<sup>152</sup> Mga seremonya. Saan? Mga Baptist, Presbyterian, maging sa mga Pentecostal, haya't naging maka-relihiyong seremonya na lang. Ang tanging ginagawa nila ay kalampagin ang piyano, *parang ganoon o kung ano*, tatalon-talon nang taas-baba nang ilang saglit; at kapag huminto na ang piyano: *Brrrrr!* Lalabas, manloloko, magnanakaw, magsisinungaling, lahat na ng kung ano pa. Pero ang tunay . . . At mainitin ang ulo na dadaigin pa maging ang de motor na lagari, may masasabi sa kung kani-kanino at lahat. Kita n'yo? Hayan nga. Hindi lang ang Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, kundi pati Pentecostal na iglesya sa Kapanahunan ng Laodicea ngayon.

<sup>153</sup> Oh, bakit hindi kayo manumbalik sa kung anong mayroon ang inyong mga naunang magulang? Bakit hindi tayo manumbalik sa tunay na pentecostes na nagpapaging banal at nagpupuno ng Espiritu Santo, na nagdadala kay Cristo sa atin? Yun ang kailangan natin. Buweno. Ngayon, ganoon din sa panahon ngayon!

<sup>154</sup> Ngayon, ang ibig sabihin ng salitang *Pergamo* ay "ikinasal." Ang ibig sabihin ng salitang *Pergamo* mismo ay "ikinasal." Ang Cristianismo, na panig ng Nicolaita, ang pormal na panig, ay ikinasal sa estado, sa pamamagitan ng paganong seremonya. Mga paganong seremonya! At 'yun ang simula ng iglesyang Katoliko noong panahon na 'yun.

<sup>155</sup> Ngayon, alam ng sinuman na ang iglesyang Katoliko ay ibinunsod ng Konseho ng Nicea. Bago dun, ang tawag rito'y isang *Nicolaita* ng Diyos, na ang ibig sabihin ng "nickao," *nickao*, "lupigin," lupigin o ibagsak ang ordinaryong mga miyembro. At noong ginawa nila 'yun, hindi na nila ninais ang Espiritu na mapasa kalagitnaan ng mga tao, at ang *mga pastor* din, na ang ibig sabihin ay "mga pastol," para ibunsod ang Espiritu Santo. . . .

<sup>156</sup> Sasabihin n'yo, "Aba, hindi ba puwedeng maging pastol ang pari?" Anong klaseng pagkain ang ipinapakain niya sa inyo? Nakukuha n'yo ba ang siya ring resulta na mayroon sila, noong Araw ng Pentecostes? Siguradong hindi! "Aba Ginoong Maria," sinong nakakita na ng ganyan sa Pentecostes? Mga novena, lahat nitong pagwiwisik-wisik, pagbubuhos, na ginagamit ang isang trinidad na Diyos ("Ama, Anak, Espiritu Santo"), saan n'yo makukuha ang tulad n'yan sa Pentecostes? Sabi ni Jesus,

“Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel nang may kasiguraduhan, ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus, na inyong ipinako sa krus, na parehong Panginoon at Cristo.” Ganoon nga. Saan natin nakukuha ang mga bagay na 'yun? Isa 'yung Nicolaita sa simula't sapul, at naging Katolisismo.

<sup>157</sup> Ngayon sasabihin n'yo, “Buweno, ikinagagalak ko na hindi ako kabilang sa kanila.” Ngayon huwag kayong pakasigurado. Kita n'yo? Ngayon alalahanin n'yo: Cristianismo, Nicolaita. Ngayon nakukuha n'yo ba ang kuwento? Pakinggan n'yong maigi bago tayo umusad pa. Nais kong makuha n'yo ito kung mananatili tayo rito hanggang hatinggabi. Kaya, uh-hum... para ang... dahil, kapatid, ang kaluluwa mo ang nakasalalay! Maaaring sabihin n'yo, “Buweno, kasapi naman ako sa...” Hindi 'yun—hindi 'yun ito. Kung wala pa sa iyo ang Espiritu Santo, kapatid, wala akong pakialam kahit na gaano pang karaming iglesya ang kinabibilangan mo, sa kapahamakan ka. Kung hindi ka ipinanganak na muli sa Espiritu ng Diyos, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, sa kapahamakan ka; dahil hindi mo taglay ang Buhay na Walang Hanggan, at tanging ang Buhay na Walang Hanggan ang ibabangon ng Diyos, dahil Ito lang ang tanging buhay na matitira.

<sup>158</sup> Kung ang isang butil ng mais... gaya ng sinipi ko rito, sa Agricultural Hour. Ilan po ang nakakaalala kay tandang Kapatid na Spurgeon, ang Methodist na mangangaral dito sa Henryville? Isang kahanga-hangang personalidad. Nakaupo kami sa tindahan ng sorbetes ng Red Furnish, isang araw, kumakain ng sorbetes; at pinag-uusapan namin ang tungkol sa isang pagtitipon na idinaos ko roon, at kasalukuyang nasa himpapawid ang Agricultural Hour. At ang Red ay may—may munting ispiker na nakabukas, at nakatutok noon sa... doon sa pinihit niyang programa sa radyo. At sa kung saang dako sila'y nagsasalita... haya't ang mensahe nga'y nanggagaling ng Louisville. Mangyari nga na ang 4-H Club ay may—may makinarya na nakakapagpalabas ng butil ng mais na malalagyan nila ng calcium, at mga petrolyo, at lahat na para gawing mais, at nagagawa raw nila 'yun na parang katulad na katulad noong gawa sa... .

<sup>159</sup> Mayroon daw nun ang 4-H, naperpekto na raw ng siyensiya na makagawa ng mais na mukhang totoo talaga na magagawa mong kumuha ng sandakot mula sa isang sako na tumutubo sa bukid, sandakot naman mula sa sako na ginawa ng makinarya, at itong isa rito (na ginawa ng makinarya) ay makagagawa ng siya ring klase ng kornpleyks, tinapay na mais. At kung tutuusin madadala n'yo 'yun sa laboratoryo at hihiwain 'yun, 'yung mga butil, at hindi n'yo raw masasabi ang pagkakaiba sa isa't isa. May siya ring dami ng petrolyo, siya ring—siya ring dami ng calcium, at—at halumigmig; lahat mismo ng napupunta sa isang butil, ay nandun din sa isa.

<sup>160</sup> Sabi niya, “Ang tanging malinaw na paraan para malaman kung alin ang tumubo sa bukid, at kung alin ang ginawa ng makinarya: ibaon n’yo lang ang dalawang sandakot na ito. At kapwa sila mabubulok, at ’yung isa na ginawa ng makinarya ay hindi talaga tutubo; pero ’yung isa na pinatubo ng Diyos, ay mabubuhay muli.” Bakit? Dahil ’yung isa ay hindi ’yun nasibulan.

<sup>161</sup> At marahil Cristiano ka sa itsura, nakakakilos na gaya ng isang Cristiano, at nakagagawa ng bawat mabuting gawa na magagawa mo, at makakapamuhay nang tapat sa iyong iglesya; pero maliban na masibulan ka ng Espiritu Santo, ang Buhay ng Diyos, ang Buhay na Walang Hanggan na pumapasok sa iyo; hindi sa pamamagitan ng pagpapahayag lang, kundi sa pamamagitan ng *kaloob* ng Espiritu Santo. Papaano n’yo Ito makukuha? Ang sabi ng doktor, sa Araw ng Pentecostes, na sumulat sa reseta, “Magsisi, at mabautismuhan ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at tatanggapin n’yo ang kaloob ng Espiritu Santo.” Ang kaloob ng Espiritu Santo, yaong Buhay na Walang Hanggan. Yun lang ang tanging bagay na ibabangon ng Diyos. Yun lang ang tanging bagay na may kamit na Buhay na Kanyang ibabangon. Kita n’yo? Yun lang ang tanging bagay na uusbong. Umaasa ako na ’yan ay malinaw. Ipagkaloob nawa ng Diyos na ito’y malinaw.

<sup>162</sup> Ngayon, ang mga Nicolaita noon ay yaong pormal na panig, at nakipagkasal sila sa paganong iglesya; dinala papasok ang mga paganong altar, na ginawang Cristianong mga altar; nagdala papasok ng paganong diyus-diyosan, at ibinunsod ’yun na magsalita at makapagsalita, sa anyo ng isang obispo. Ipinuwesto roon sa itaas, nadadamitang mainam at ginawang parang isang diyus-diyosan. Nakikita n’yo? Kaya hindi nga kung ano ang nasa labas, kundi kung ano mismo ang nasa loob. Ang dalawang butil na ’yun ng mais ay magkamukhang-magkamukha; hindi nga kung ano ang nasa panlabas, bagkus kung ano ang nasa loob. Kita n’yo, ang nasa loob, ang Buhay. Buweno, binuo ’yun dun, at ’yun ang dakong pinagmulan ng sinaunang iglesyang Katoliko, na naging nanay ng lahat ng mga iglesyang denominasyon.

<sup>163</sup> Ngayon sasabihin n’yo, “Buweno, ako...Kapatid na Branham, kung ganoon pala’y basta hindi ako Katoliko.”

<sup>164</sup> Ngayon, sandali lang po, huminto lang tayo rito pansumandali, sige po. At tayo’y—tayo’y bumuklat ngayon sa Apocalipsis, sa ika-17 kabanata, pansumandali. Bumuklat lang po nang diretso rito. Ngayon, ito ang kapahayagan ukol sa ano? Kay Jesus Cristo, para sa Kanyang kaiglesyahan. Habang binabasa ko po, makinig kayong maigi:

*At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, at nagsalita sa akin, na nagsasabi...*

*Pumarito ka; at ipakikita ko . . . sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig:*

<sup>165</sup> Ngayon, para may saksi ako, ilan ang nakakaalam na ang *babae* sa Biblia, sa tuwing ibinibigay ito bilang isang simbolo, ang ibig sabihin ay “iglesya”? Sige. Ilan ang nakakaalam na ang bantog na “patotot,” dito sa siya ring kabanata, ay ang “siyudad na nakaupo sa ibabaw ng pitong burol”? Sige.

<sup>166</sup> At ngayon ilan naman ang nakakaalam sa sinasabi ng Biblia na “mga tubig”? Dito siya’y nakaupo sa ibabaw ng “maraming tubig”; hindi *isang tubig*, kundi “mga tubig.” At ang ibig sabihin ng *mga tubig* ay “mga tao.” Buweno, kunin n’yo ang ika-15 kabanata, makikita n’yo rito, kita n’yo, sa ika-15 talata, kita n’yo:

*At sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan, . . . mga karamihan, . . . mga bansa, at mga wika. (Kita n’yo? Kita n’yo?)*

<sup>167</sup> Ngayon, ang babaing ito’y isang tumalikod. Hindi po ba? Ngayon ito po ang turo rito, kaya kinakailangan n’yong isantabi ang inyong diwa ngayon. Kita n’yo? Ano’t tinatawag ang maruming babae na ’yun na “patotot”? Isa nga ’yung babae na hindi tapat sa kanyang pangako sa kasal. Ngayon ang iglesya, ang iglesyang Katoliko, nag-aangkin siya na Nobya at Asawa ni Cristo. Maging ang mga madre’y nagpuputol ng buhok, at walang panunuyo, “lahat ng kanilang pagsuyo’y kay Cristo.” Tama ba? Tunay. O ang sinuman . . .

<sup>168</sup> Nanggaling po ako sa Katolikong kinagisnan, kita n’yo. Mayroon ako nung kanilang *Facts Of Our Faith*, at kanilang mga aklat; at ang inyong mga Protestante, at mga Baptist, at anuman na pinaniniwalaan n’yo; doon sa aking silid-aralan. Mangyari nga, na pinag-aralan ko para kung may sinuman na magsasabi ng anuman. “Tekang lang!” Maaari ko mismong ibalik sa inyo ang sarili n’yong argumento. Kita n’yo? Kaya, dumating na ang oras na ang bagay na Ito ay kailangan mailahad.

<sup>169</sup> Ngayon, ang unang bagay, ang Diyos ay kinailangan na kumilos sa buong bansa, na nagpapakita ng mga tanda’t, mga kababalaghan, at mga himala, para mapagkilala mismo ng mga tao. Nakikilala ng mga tupa ng Diyos ang Kanyang Tinig, nakikilala nila, nakikilala nila mismo. Kinakailangan n’yong masumpungan unang-una . . . Hahayo kayo nang walang pagkakakilanlan, kung ganoon ang ginagawa n’yo lang ay . . . Ano itong ginagawa n’yo? Nakakabunsod kayo nang mas ikakapahamak pa. Hayaan n’yo itong . . . hayaan n’yong ang Diyos ang bahala rito. Kita n’yo?

<sup>170</sup> “Ipakikita ko sa iyo ang kahatulan sa bantog na patotot.” Ngayon, kung ganoon siya, kung ganoon ay isa siyang babae na nagpapakilala na isang bagay na . . . Siya’y nangangalunya!

Tama ba? Buweno, kung ganoon, kung ito'y isang iglesya, siya'y nangangalunya laban sa Diyos. Tama ba? Kung ganoon ang pangangalunya, ay pakikiapid, *espirituwal* na mga pakikiapid: nagtuturo siya ng bagay sa mga tao na hindi Salita ng Diyos. Tama ba? Nagtuturo siya ng bagay na hindi totoo. Yun nga'y mga Nicolaita. Nakikita n'yo ba ang nalalahad dito? Pumaparoo't naglalagay ng mga papa, at mga pari, at inaalis ang Espiritu Santo, "Ang mga araw ng himala'y lipas na"; at ang sabi ng Biblia, "Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon at magpakailanman." Ang sabi ng Biblia, "Magsisi, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan"; ang sinasabi naman niya, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," magwisik, magbuhos-buhos. Oh, naku! Kita n'yo?

171 Buweno, masdan n'yo kung anong ginagawa ng babaing ito:

*. . . na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa . . . lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang mga pakikiapid.*

172 "Lasing!" Papatayin kayo, ipapapatay kayo, babarilin kayo, o kung ano pa, kapatid. Sila'y lasing na lasing mismo sa bagay na 'yun. Kita n'yo?

173 "Ang alak." Yun 'yung ipinamimigay niya, kita n'yo, ang alak ng kanyang mga pakikiapid. "Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay! Ang nanay ko ay Katoliko, at aking. . ." Buweno.

174 Ngayon sasabihin n'yo, "Kalunus-lunos naman." Ngayon sandali lang po, mga Protestante. Huh! (Nangungusap ako sa mga teyp dito, kita n'yo.)

*At ako'y kaniyang dinalang nasa espiritu sa isang ilang: at nakita ko—nakita ko ang isang babae na nakaupo sa isang hayop na pula, . . .*

175 Ngayon, ano ang ipinapakahulugan ng salitang *pula*? Ang ipinapakahulugan nito'y "pagkamaharlika." Ibig sabihin. . . Ang ibig kong sabihin, ang ibig sabihin ay, "maharlika, katapatan, maharlika," kita n'yo, katulad ng mga hari't iba pa.

*. . . puno ng mga pangalang pamumusong, na may pitong ulo at sangpung sungay.*

176 Ngayon, ang pitong *ulo* ay ang pitong "bundok" kung saan nakaupo ang siyudad na ito. At ang babaing ito ay ang siyang siyudad, alam natin.

*At nararamtan ang babae ng kulay-ube. . .*

177 "Ang babae." Ang hayop ay *pula*, pero ang babae'y nadaramtan ng *ube*. Ngayon, hindi ba't binalaan ko na kayo noong isang araw, na may tatlong kurtina? Hindi ko alam kung gaanong katagal ako mabubuhay, pero tandaan n'yo ito. Gaya ng nabanggit ko na sa inyo maraming taon na ang

nakalipas, “matyagan n’yo ang Rusya.” May tatlong kurtina, alalahanin n’yo ito. Mayroong *bakal* na kurtina. Mayroong *kawayan* na kurtina (ang Pulang Tsina at *iba pa*). At mayroong ubeng kurtina, matyagan n’yo ang kurtina na *’yan*, *’yan* ang manlililang. Na anupa’t . . .

*. . . nararamtan ang babae ng kulay-ube . . . ng pulang mga kulay, . . . nahihiyasan ng ginto . . . mga mahalagang bato at mga perlas, (Naalala n’yo ako na nagsasalita rito kung ano yaong unang altar na sa Nicolaita? Kita n’yo? Ang babae’y ang “iglesya.”) na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto (Naalala n’yo? May gintong nakabalot sa altar, ang saro’y iniaabot niya sa mga tao.) na puno ng kasuklamsuklam na mga bagay na marurumi dahil sa kaniyang mga pakikiapid:*

178 Yun ang ibinibigay niya sa mga tao; kanilang iniinom ’yun. Tunay. Nalasing sa bagay na ’yun! Sadyang lasing mismo! Lahat ng sangkumpol na mga Irlandes, at mga Pranses, at iba pa, gigitlan ang leeg n’yo kung may isang bagay kayo na sasabihin laban sa iglesya. Tunay, ganoon ang gagawin nila. Kita n’yo?

*At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, BABILONIA . . .*

179 Ngayon, mula saan lumipat ang Babilonia? Mula Babilonia ay lumipat patungong Pergamo, at naging . . . inilipat ni Satanas ang kanyang luklukan. Oh, kung magagawa lang sana natin na tugaygayin ang buong Apocalipsis, para makita n’yo ito.

*. . . DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT . . . ISANG INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA LUPA.*

180 Ano siya? Isang ina ng mga patotot. Sila’y hindi mga anak na lalaki. Diba?

181 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . kanilang simbahan. Siyanga, po. Sabi, “Hindi ba’t ang iglesya ay tinawag, sa Biblia, na ‘Babilonia?’” Kita n’yo, sa kanilang aklat mismo. Sige.

182 Ngayon, kung siya’y isang babae ng prostitusyon, isang patotot, at siya’y nanay ng mga patotot, siguradong may mga anak siyang babae. At kung sila’y mga anak na babae, sila’y mga babae, sila’y mga simbahan. Ngayon saan nanggaling ang iglesyang Protestante? Tama nga ba? Anong pagkakaiba sa pagitan ng isang—isang babaing masama ang reputasyon at isang patotot? Pareho lang.

183 Lumabas si Martin Luther, para ibahin, para bigyan ang Iglesya ng isang pagkakataon; si Wesley; tumugaygay hanggang sa Pentecostal; at bawat isa sa kanila’y nanumbalik sa ideyang Nicolaita ng pag-oorganisa, na may mga pangakalahatang tagapangasiwa, at lahat na, at bumalik mismo sa siya ring

bautismo na kanilang ginagamit sa pagbabautismo noon, siya ring anyo, siya ring mga seremonya, anupa't marami sa kanila ang may mga katesismo at '*aba ginoong Maria.*' Hindi mga *Aba Ginoong Maria*, kundi . . . Ano nga uli 'yung parang ganoon din? Yaong *Credo de los Apostoles.* Sige't ipakita n'yo sa akin ang Credo de los Apostoles sa Biblia, kapatid. Kung—kung mayroon man silang kredo noon, 'yun nga'y ang Mga Gawa 2:38, 'yun ang bagay na inutos nila sa bawat isa na gawin. Saan nga kayo nakarinig na may apostol na gagawa ng isang kredo, na sinasabi, "Naniniwala ako sa Santo Romano Katolikong Iglesya. Naniniwala ako sa komunyong ng mga santo"?

<sup>184</sup> Gayong ang . . . si Pedro, siya na nasa kanya ang mga susi, ang sabi, "walang ibang tagapamagitan sa Diyos at mga tao, kundi si Jesus Cristo."

<sup>185</sup> Pero tingnan n'yo ang mga Protestanteng simbahan. Ano ang ginawa nila? Hindi nga sila makuntento. Bawat isa sa kanila na lumabas, ay lumabas na may kamit na Pentecostal na Pagpapala. Ganoon nga mismo. Maging si Martin Luther ay nagsalita sa iba't ibang wika. Ganoon nga mismo. Ipinagpaumanhin ang sarili, na sinasabi, "Diyos, itong kakila-kilabot na mga salita na aking nasasabi, haya't hindi ko alam kung ano itong sinasabi ko." Kita n'yo? Tunay, siya'y naniniwala Rito. Tunay, na naniniwala siya.

<sup>186</sup> Ngayon, sa pagtugaygay sa kapanahunan kanilang kamit—kamit ang Espiritu, pero lagi silang napapalayo at gumagawa ng mga organisasyon matapos na ang unang mga nagsipagtatag ay mawala na. Kung hinayaan n'yo ang iglesyang Lutheran na magpatuloy, at hindi inorganisa ito, 'yun sana'y Pentecostal. Ano ba ang pentecostal na Iglesya? Ang ibig kong sabihin ay ang tunay na pentecostal mismo. Hindi 'yung denominasyon, siyanga, haya't nagmistulang "kaldero't takure" lang uli. Kita n'yo? Pero ginawa nila ang siya ring bagay, at 'yun ang nagdala sa kanila pabalik sa mga Nicolaita gaya noon sa pasimula. Ilan ang nakakakita nun? magsabi ng "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Ganoon nga. Ngayon, nang sa gayon ay hawak ko ang pahayag n'yo na kayo'y . . .

<sup>187</sup> Kita n'yo, isang nanay ng "mga patotot." Kung sila'y mga patotot, papaano sila naging mga patotot? Sa pamamagitan ng pakikiapid laban sa Salita ng Diyos. Kung sabihin ng Salita ng Diyos, "Magsisi at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo," at bawat tao roon ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus, at pagkatapos gagamitin n'yo ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Prostitusyon 'yun! Tama ba? At kung ang Bibliang pagbabautismo ay sa pamamagitan ng paglulubog (*baptizo*, mula sa salitang Griyego), kung ganoon papaano n'yo nakuha ang pagwiwisik at pagbubuhos? Saan 'yun nanggaling? Kung ang panghalili n'yo na pakikipagkamay, o pagsubo ng manipis na tinapay sa inyong labi at paglululon nun, o kung ano na

parang ganoon, kapalit ng Espiritu Santo, at ang Espiritu Santo'y bumaba mula sa Langit na parang isang humahagibis na hanging malakas at pinuno ang mga tao, at ibinunsod sila na magsalita sa iba't ibang wika, at makasigaw, at umakto na parang lasing na tao, at papalitan n'yo 'yun ng panghalili na pakikipagkamay, o pagpapasa ng inyong liham sa isang iglesya, o bagay na parang ganun, papaano nga kayo makatatakas mula sa pakikiapid sa espirituwal?

<sup>188</sup> Ngayon, itanong n'yo 'yun sa sarili n'yo. Ligligin n'yo ang inyong mga pag-iisip, buksan n'yo ang inyong puso at magpakatotoo, mga kapatid. Nasa dulo na tayo ng daan. Itong mga pagtitipon na ito'y hindi idinaos dito sa wala, ang mga ito'y iniatas ng Diyos. Naniniwala ako na ito'y tunay nga gaya ng kung papaanong ako . . . naniniwala kayo na ako'y Kanyang lingkod. Sinasabi ko ito sa Pangalan ni Jesus, na inilagay ng Diyos sa puso ko na pumarito. Wala po akong nakukuha ni isang kusing sa paggawa ko nito. Ako—ako—ako—ako—ako nga'y marahil narito na nananalangin para sa mga maysakit sa kung saang dako, o parang ganoon. O ako marahil ay nasa isang ibayo na nangingisda, at tumatanggap pa rin ng pera, may nakukuha akong sahod mula sa iglesya. Pero inilagay ng Diyos Ito sa aking puso; hindi ko Ito matatakas, ibinubunsod talaga ako nito na umiyak para Rito, at ginagawa ko mismo ang lahat ng magagawa ko. Nandito ako sa Pangalan ng Panginoon, na ginagawa ang lahat ng nalalaman ko kung papaano ito gawin. Huwag n'yo Itong palalampasin sa inyo.

<sup>189</sup> Ngayon, Protestante, nakikita mo ba ang ibig kong sabihin ng Katoliko at Protestanteng iglesya? Sadyang . . . Yung isa'y parehong-pareho lang sa isa pa. Ganoon nga mismo.

<sup>190</sup> Ngayon, ang ibig sabihin ay ikinasal, ang ibig sabihin ng *Pergamo* ay “ikinasal.”

<sup>191</sup> Ngayon kunin natin. . . Ang sabi Niya, “Mayroon ka diyang ilan na naghahawak sa doktrina ni Balaam.” Sige't talakayin lamang natin 'yun.

<sup>192</sup> Mayroon pa ba tayong oras? Bibilisan ko na lang sa abot ng makakaya ko. O mas gusto n'yong maghintay na lang at tingnan kung makakabalik tayo sa umaga? Ilan po ang my gusto na magpatuloy tayo, nang mas mahaba pa? Sige . . . Buveno, ngayon alam ko—alam ko na mainit dito. At kung kayo'y nakaupo ryan at naiinitan, ano kaya sa palagay n'yo dito sa ibabaw? Kita n'yo? Pero, oh, grabe, sinisikap natin na makaalis mula sa lugar na ito *na* mainit. Kita n'yo, 'yun—'yun nga ito, dahil, tayo'y Walang Hanggan.

<sup>193</sup> Ngayon, ngayon siyanga't noong magtayo sila ng iglesya na gaya nun, anong nangyari? Ngayon pakinggan n'yong maigi, mga anak. Anong nangyari? Anupa't, siyanga, pinaalis nun ang Espiritu Santo mula sa iglesya. Hindi na nakapagtataka na wala



sa mga obispo nila ang nakapagpabangon ng patay o nakagawa ng mga himala. At hayan sila na sinasabi-sabi na ang ilan sa mga banal ay kasapi raw ng kanilang iglesya! Tinutulan nila ang bagay na 'yun, pero hayan nga't inaangkin nila sila!

<sup>194</sup> Tingnan n'yo si Joan of Arc, 'yung kabataang babae na 'yun. Tatanungin ko kayo na mga Katoliko, o kayo na mga Protestante, sinuman sa inyo. Si Joan of Arc, noong panahon niya, wala ngang anumang bagay sa Pransya noon, maliban sa iglesyang Katoliko na sinusugpo ang mga banal sa dako roon. Pero ang Diyos ay kumilos sa kabataang babae na 'yun at siya'y may Espiritu Santo. At anong ginawa niya? Nagagawa niyang paunang magsabi ng mga bagay-bagay, binibigyan siya ng Panginoon ng mga pangitain at pauna niyang nasasaysay ito. Nanalangin siya sa mga maysakit. Nanalangin siya para sa isang munting patay na sanggol, at ang sanggol ay nabuhay muli. Pentecostal nga 'yun. Kita n'yo? At ano ang ginawa ng iglesya Katoliko sa kanya dahil lamang sa pagprotesta niya sa iglesyang Katoliko? Ipinatawag nila siya sa isang paglilitis, at sinunog siya sa isang tulos bilang isang "mangkukulam."

<sup>195</sup> At ngayon sasabihin n'yo, "*Saint* Joan of Arc." Dalawang daan ang lumipas pagkatapos, noong mga, noong mapagtanto ng iglesya kung ano ang ginawa nila, na siya pala'y isang Santa, oh, hayan nga, pinagsisihan nila 'yun; hinukay nila ang katawan ng mga pari na 'yun na nagtaguyod sa kanyang kamatayan, at itinapon ang mga 'yun sa ilog. Sa palagay n'yo ba mahuhugasan nun ang dugo sa mga kamay nito? Ang sabi ng Biblia, "Ang—ang dugo ng bawat martir ay nasumpungan sa kanya." Yun ang bagay na sinabi ng Anghel ng Panginoon sa nasumpungan mismo sa Babilonia, "Lahat na pinatay, o martir, at lahat ng mga banal ni Cristo na pinatay bilang martir kailanman, nasumpungan mismo rito mula sa Kapanahunan ng Nicolaita hanggang sa ngayon, ang bawat martir." Isipin n'yo 'yun. (Salamat, Kapatid na Ben.) Ngayon, isipin n'yo 'yun.

<sup>196</sup> Ngayon, uusad tayo nang kaunti pa. Ang iglesyang Cristiano ay ikinasal sa isang—sa isang. . . sa Babilonia. Ang ibig sabihin ng *Pergamo* ay "kasalan."

<sup>197</sup> Ngayon, "Ang aral ni Balaam. Mayroon sa inyo riyan na nanghahawakan sa doktrina ni Balaam."

<sup>198</sup> Oh, sadya ngang gustung-gusto ko ang mga bagay na ito. Oh, kung magagawa ko lang na maglumagi rito nang mas mahaba, kita n'yo, pero kayo po'y. . . Nais nating makita n'yo ito at pagkatapos ay uusad na tayo sa isa na naman, dahil ito'y sadyang—sadyang punung-puno ng ginintuang mga kaalaman. Isa po akong prospektor; gustung-gusto kong magpakalalim at hukayin ang mga tipak ng kaalaman na ito at pakinangin ang mga ito, at pakintabin ang mga ito nang paganito, at tingnan ang mga ito. At bawat isa sa mga ito'y pinapaaninag si Jesus

Cristo! Bawat isa sa mga ito, kita n'yo. Bawat isa sa mga ito'y pinapaaninag si Jesus Cristo. Siya ang Alpha at Omega, ang bawat—ang bawat Karat ng ginto sa tipak. Ganoon nga mismo. Siya'y ang bawat katiting Nito. Yan ang dahilan, Siya ang Diyos na nagsalaman sa kalagitnaan natin.

<sup>199</sup> Ngayon, upang makuha ang...Hindi ako—hindi ako gugugol ng maraming oras tungkol dito, dahil mayroon pa akong... Nakikita ko na alas nuwebe na. At mayroon pa akong—pa akong isang bagay na nais kong matalakay ngayong gabi, kung loobin ng Diyos. At nais kong ilista n'yo ito at basahin n'yo ito bukas, at sige't ilista n'yo ang Mga Bilang 22 hanggang 25. Nais kong basahin n'yo 'yan ngayon, at para makasunod kayo sa pagtugaygay ko. At ngayon—at ngayon Mga Bilang 22 hanggang 25.

<sup>200</sup> Alam natin na ang Israel—ang Israel ang piniling bayan ng Diyos. Tama ba? Sila ang...Sila ang Pentecostal noon. Taglay nila ang Espiritu sa kalagitnaan nila. Naalala n'yo ba 'yung mensahe kagabi? Kung papaanong si Moises noong tawirin niya ang Dagat na Pula, o ang Dagat na Patay, at nasumpungan sa likuran niya ang Dagat na Pula, na dugo, na isinasagisag ang dugo...lahat ng mga tagamando na humagupit sa kanya at lahat ng mga anak ni Israel. Itinaas ni Moises ang kanyang kamay at umawit sa Espiritu. Oh, bawat isa sa atin ay maaaring maging isang Moises sa pagtanaw natin pabalik sa pulang Dugo ng Panginoong Jesus at matatanaw ang bawat dating pagkalasenggo, bawat dating bote, bawat dating babae na mahalay, bawat dating maruruming bagay na nagawa natin sa buhay natin, ay patay na lahat sa Dugo ng Panginoong Jesus. Ibinubunsod nga tayo nun na umawit sa Espiritu! Ang mga sigarilyo, mga tabako, at masasamang gawi, at lahat nang iba pa, ay patay na, sa Dugo ng Panginoong Jesus; kung ganoon nga'y maitataas natin ang ating mga kamay at makaaawit sa Espiritu. Kita n'yo?

<sup>201</sup> Tingnan n'yo kung anong ginawa ni Miriam, na propetisa. Ngayon, alalahanin n'yo, isa siyang propetisa. Kumuha siya ng pandereta at sinimulang kalampagin ang pandereta at nagsayaw sa Espiritu, at ang mga anak na babae ni Israel ay sumunod sa kanya sa may pampang, na kinakalampag ang mga pandereta na 'yun, at sumasayaw sa Espiritu. Tunay na Pentecostal!

<sup>202</sup> At pagkatapos kung mapapansin n'yo noong makarating sila ng Moab. Ngayon bumabalik tayo...Nasa Kasulatan tayo, ngayon, ang “doktrina ni Balaam.” At ang Moab, ang Moab ay kapatid ng Israel. Ilan ang nakakaalam kung saan nanggaling ang Moab? Buweno. Ang Moab nga'y 'yung tinatawag ko na hybrid, dahil ang Moab ay nagpasimula sa mga anak na babae ni Lot. Si Lot ay nagkaroon ng sanggol sa pamamagitan ng sarili niyang anak na babae, nagkaroon nung dalawang anak na 'yun. At isa si Moab dun, at binuo niya ang bansa ng Moab, na

tribo. At, kung tutuusin, si Lot ay pamangkin ni Abraham, na sa aktuwalidad ay matutugaygay sa siya ring lahi. Alam natin 'yan. Ngayon gusto kong pansinin n'yo na hindi sila mga pagano, gaya ng ipinapakita ng ilan nating mga dula kamakailan. . . Alalahanin n'yo, sila'y mga mananampalataya. Ngayon, noong heto't paparating ang Israel sa kanilang daan patungong lupain ng pangako, binabagtas ang kanilang daan patungo sa inatang sa kanilang tungkulin, at heto na nakahambalang ang Moab sa kanilang daraanan. Nagpadala sila ng mga mensahero sa Moab, at sabi, "Tulutan n'yo kami na makadaan sa inyong lupain. Kami'y iyong kapatid."

<sup>203</sup> Ngayon, isinasagisag ng Moab ang mga Nicolaita. Ngayon makikita n'yo pansumandali. Sinasagisag naman ng Israel ang tunay na Iglesya. At si Balaam ay isa sa mga obispo dun, mga papa. Masdan at tingnan n'yo ngayon; karnal na Cristianismo. Ngayon mapapansin natin na sila'y puspos ng kaloob, walang duda roon. Marami sa kanila ang maiinam na tagapagsalita, mga doktor ng pilosopiya, at—at dakilang mga kalalakihan. Hindi n'yo 'yan maikakaila. Pero, "May anyo ng kabanalan, subalit tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon."

<sup>204</sup> Bumalik kayo sa orihinal na Pentecostes! Huwag na huwag kayong lalayo mula roon. At kung lumayo kayo, mapapahamak kayo. Manatili kayo sa pagpapala. Ito nga Ito, ang Tagapagbiyaya ng pagpapala.

<sup>205</sup> Ngayon, pansinin n'yo habang sila'y naglalakbay. Sumapit sila sa pormal na hybrid na iglesyang ito, at ang sabi nila, "Kami'y dumadaan lang tungo sa isang rebaybal. Kami'y papunta sa pangakong lupain. Mapapahintulutan n'yo ba kami na makadaan? Kung ang bakahan nami'y manghimod ng damo, kung sila man ay uminom ng tubig, babayaran namin."

<sup>206</sup> Pagkatapos anong ginawa niya. . .? Ang Haring Balac, ay balisang-balisa, at ayaw niya ng ganoong klaseng pagtitipon sa kanyang simbahan o kanyang lupain. Kaya anong ginawa niya? Ipinasog niya sa papa, o sa obispo, si Balaam, isang upahang propeta, isa na mas iniibig ang pera kaysa sa iniibig ang Diyos. At sinabi sa kanya ni Haring Balac, "Kung pumunta ka rito at susumpain ang bayan na ito, gagawin kitang bantog na tao." At ang Diyos ay nagsalita kay Balac. At iniisip ko nga kung nangyayari pa ang ganyang-. . . ang ibig kong sabihin ay si Balaam. Iniisip ko nga kung gaanong karaming Balaam kaya sa mundo ngayong gabi? Mga Methodist na ministro, mga Baptist na ministro, mga Katolikong pari, (Kahabagan!) na nakikilala ang Diyos. . . kung babasahin n'yo itong siya ring kasaysayan at siya ring Aklat na binabasa ko. "Balaam!"

<sup>207</sup> Ngayon, pansinin. Pagkatapos ang sabi niya, "Bumaba ka't sumpain ang naturang bayan."

At sabi ni Balaam, "Isasangguni ko sa Diyos."

Sabi ng Diyos, “Huwag kang pupunta!”

<sup>208</sup> Pero noong sumunod na umaga, sabi niya . . . nagtungo siya roon at sinabi sa saserdote, o sa—sa hari.

At bumalik siya, sabi, “Oh, gagawin kitang—gagawin kitang bantog na tao.”

Kaya nagpatuloy si Balaam; sabi ng Diyos, “Sige pumunta ka, ituloy mo.”

<sup>209</sup> Kita n’yo, kung hindi kayo susunod sa Katotohanan . . . Iniisip n’yo, kayong mga Nicolaita, na dahil ang Diyos ay gumagawa para sa inyo kaya ang ginagawa n’yo na gaya n’yan . . . May orihinal mismong Katotohanan! Ang tinatahak n’yo ay ang permisibong layunin ng Diyos. Sasabihin n’yo, “Nagbigay ang Diyos sa amin ng Espiritu Santo,” o “Kanyang pinagpapala kami, at kami’y nabautismuhan sa pangalan ng ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo.’” Kayo na Balaamita! Kita n’yo, doktrina ni Balaam. Sinabi nga sa kanya ng Diyos, matapos na siya’y magmataas, hinayaan na lang siya ng Diyos na pumunta roon, ipahamak ang sarili. Kinakailangan n’yong manumbalik sa Katotohanan, sa pinagsasaligang Katotohanan. Manumbalik sa Biblia mismo. “Oh, buveno, Kanyang pinagpala tayo! At nag- . . .” Oh, alam ko. Kanya ngang, sinabi kay Balaam, sabi, “Sige. Kung gusto mong pumunta, kung ’yan ang . . . Doon at doon ka rin naman mapapadpad, at ang gusto mo’y daan ng organisasyon; sige lang, magpatuloy ka.”

<sup>210</sup> Pagkatapos humayo na si Balaam, at sumampa sa kanyang mola, o, hindi mola, sa kanyang asno, patungo sa lugar na pupuntahan niya. At ang unang bagay, alam n’yo, ang Anghel ng Panginoon ay tumayo sa daan. At, alam n’yo, ang propeta na ’yun, ang papa na ’yun, obispo, kardinal, anuman siya, ay bulag na bulag sa espirituwal na mga bagay, ’yung pag-iisip na itataas ang kanyang katayuan sa buhay, dahil siya’y nakatira lamang sa Ilog Eufrates. Sa palagay ko iniisip niya na ’yun ay may kalakip na kung anong mana, na parang “‘Sa ibabaw ng bato na ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia,’ Pedro,” o sa kung anumang bato na nasa Roma, o parang ganoon. Pero noong sumapit siya sa lugar na ’yun, doon nga’y tumayo ang Anghel na may nakabunot na tabak, at siya nga’y bulag na bulag na hindi niya man lang ’yun nakikita. At ibinangga ng mola ang kanyang paa sa pader. At pilit niyang pinausad ang asno, at ang—ang Anghel ay nakatayo sa daan uli. Sasaraduhan nga ng Diyos ang bawat pinto! At ang mola na ito’y bumaling nga pabalik. At kaya bumaba na si Balaam, at kumuha ng patpat at sinimulang sigawan ang asno na dala-dala ’yun. Itong munting asno’y, lumupasay doon, habang napapalo nang napapalo ang kanyang ulo.

<sup>211</sup> At ako, sigurado akong nabago siya nun, kung anong bagay na nagpabago sa kanyang pag-iisip, o nakapagsabi sa kanya

kung saan siya nagkamali, Kanyang ibinunsod ang mola na magsalita ng mga wika. Hindi isang mola, isa siyang asno! Huwag n'yong sabihin na siya'y isang "mola;" hindi niya 'yun sana makakamit kung ganoon, isa siyang hybrid. Kita n'yo? Haya't isa siyang orihinal na binhi.

<sup>212</sup> Ang Moab nga'y, "Lipas na ang mga tanda, lahat ng mga bagay ay lipas na." Ang Israel naman ay may mga tanda na lumalakip.

<sup>213</sup> Pero ang munting asno na ito'y bumaling at nagsabi, "Hindi ba't matagal mo na akong asno? Ako ba kailanman..." At ang—ang bulag na obispong 'yun na nakaupo roon, na patuloy na hinahampas ang mola; at ang mola'y kinausap siya, sa di-kilalang wika ang mola.

At sabi niya, "Oo, ikaw ay—ikaw ay asno ko."

"At hindi ba't ikaw—hindi ba't ikaw ay pinasan-pasan ko, o ikaw ba'y binigo ko kahit kailan?"

"Hindi, hindi mo nga ako binigo. Pero kung ako'y may tabak, papatayin kita, pahihintuin ko ang pagkikita na ito. Nasa daan ako para pigilan ang sangkumpol na mga holy-roller na makadaan sa lupaing ito. Ipapataw ko—ipapataw ko ito sa iyo." Kita n'yo?

<sup>214</sup> At malalaman n'yo na lang, tumingin-tingin siya sa paligid, sa isip-isip niya, "Buweno, kakatawa naman. Naririnig ko ang mola na nagsasalita."

<sup>215</sup> Oh, Balaam! Hmm! Kita n'yo, ang Diyos ay dati nang nagsasalita sa di-kilalang wika sa mga tao. Kanyang ginawa 'yun noong mga araw ng... Sasabihin n'yo, "Sa Pentecostal lang 'yun." Oh, hindi. Hindi, hindi. Sa piging ni Belsazar nangusap Siya sa iba't ibang wika, na isinulat Yun sa may pader. Mayroon silang lalaki dun na may kaloob ng pagsasalin, kaya isinalin niya 'yun para sa kanila, sinabi sa kanila kung ano 'yun. Ganoon din ito sa panahon ngayon.

<sup>216</sup> Kaya, yamang walang magsasalin Nito, ibinunsod nga ng Diyos si tandang Balaam na magising (itong kardinal na ito) at mapagtanto kung ano Iyon. At alam n'yo ba na ang bulag na lalaking 'yun ay nagpatuloy pa rin ano't anuman? Tunay. Ganyan na ganyan ang ginagawa nila mismo ngayon, siya ring bagay; ang mga Moabita, mga Nicolaita, patuloy pa rin. At nagtungo nga sila roon, at siya'y nagpunta... Ngayon masdan n'yo, kung isasaalang-alang ng Diyos ang pundamentalismo, obligado Siya na pagpalain ang Moab; dahil, pansinin n'yo, si Balaam ay nagtayo ng pitong altar. Ganoon nga mismo.

<sup>217</sup> Ang bilang na pito: pitong kapanahunan ng iglesya. Nakikita n'yo ba ang espirituwal na aplikasyon? Ngayon, panghawakan n'yo 'yan ngayon: espirituwal na aplikasyon. Papunta ako riyang nang ilang minuto, sa matigas na bahagi. Kita n'yo, ang

espirituwal na aplikasyon. Pitong altar, pitong toro (malilinis na hayop), at pitong tupang lalaki; na pumapatungkol sa pagparito ni Cristo, daan-daang taon bago Siya dumating.

<sup>218</sup> Anupa't, naniniwala sila. Ano ang pinaniniwalaan nila? Naniniwala sila sa Diyos na si Jehovah. Ano pang pinaniniwalaan nila? Naniniwala sila na isang malinis na hain ang dapat na maialay. Ganoon nga. At sinasabi nila na naniniwala sila na may darating na Mesiyas, dahil nag-alay sila ng isang—ising lalaking tupa, na isang tupa na lalaki. Tama ba?

<sup>219</sup> Ngayon, kayo'y makiugnay sa isang Baptist isang beses; tingnan n'yo nga kung anupa't ginagawa nila ang siya ring bagay. Ganoon nga mismo.

<sup>220</sup> Buweno, ngayon ano ang pagkakaiba? Heto ang Israel sa ibaba ng burol, na nag-aalay ng siya ring alay na inalay nila rito, nananalangin sa siya ring Diyos. Hindi n'yo ba nakikita ang mga Nicolaita? Ang hybrid! Nakikita n'yo ba ito? Nakikita n'yo ba ang tunay na espirituwal? Ano ang pagkakaiba sa kanila? Ang isa sa kanila'y may mga tanda na lumalakip! Ang isa nama'y sa *anyo* lang, ang isa ay may *mga tanda na lumalakip*.

<sup>221</sup> Yan din ang siya ring bagay na nangyari rito, sa Konseho ng Nicea; mga Nicolaita, pormal na Cristianismo. At bumalik ang Espiritu Santo't nagsabi, "Taglay n'yo ang doktrina ni Balaam sa kalagitnaan ninyo." Kita n'yo? "At kayo. . . Kinapopootan Ko ang mga gawa ng Nicolaita, ang mga doktrina na 'yun na kamit nila, dahil 'yun ang doktrina ni Balaam na nagturo sa mga anak ni Israel para madapa." Papaano niya 'yun nagawa?

<sup>222</sup> Pagkatapos nung lumabas na siya para sumpain ang bayan na 'yun, sabi ng Diyos, "Tatalian ko ang dila mo; hindi ka makakapagsabi ng anumang bagay maliban sa sasabihin Ko sa iyo. Hindi mo maaaring sumpain ang Aking pinagpala na." Kaya tumanaw siya roon sa ibaba.

<sup>223</sup> At tingnan n'yo ang ipokritong ito! Oh, makakapamalagi sana tayo sa bagay na ito, kita n'yo. Tingnan n'yo ang Haring Balac na ito, ang—ang—ang—ang pangulo ng lahat ng ito, sinabi rito sa bulaang propeta, ang sabi, "Dumako ka roon at sa likurang bahagi mo sila tanawin."

<sup>224</sup> Ganyan na ganyan ang gustong—ang gustong sabihin ng naglalakihang mga simbahan sa munting minorya ng Diyos. "Alam n'yo ba? Kilala ko ang isa sa kanila. Naku! Alam n'yo ba ang nagawa niya? Kanyang—kanyang ginawa ang *ganito*, at kanyang ginawa ang *ganoon*. Ang mga 'yun ay Pentecostal. Tunay." Oh, pero kung malalaman n'yo lang ang katotohanan tungkol sa *kanila*, pero tatahimik ang mga diyaryo at mga balita tungkol sa bagay na 'yun. Pero subukan n'yo nga na isang munting Pentecostal ang lumihis sa tama nang minsan, at masdan n'yo kung papaanong ang buong bansa'y mag-iingay tungkol dito. Tunay. Ganoon, nga.

225 Pero, ngayon pansinin n'yo, ang sabi niya, "Sa likuran ka nila tumanaw, sa likuran, ang pinaka masamang bahagi nun." Sabi ni Balaam, "Sige, sa likurang bahagi ako tatanaw, doon sa masamang bahagi na ginagawa nila. Ganoon ang gagawin ko, tatanawin ko ang kanilang—kanilang katigasan ng ulo, kanilang kapintasan." Dahil kung titingin ka sa kapintasan, walang ligtas sa kanila. Ganoon nga. Nagawa mismo nila ang bawat kasalanan na nasa listahan. Pero ang bagay na nabigo siyang makita, nabigo siyang makita ang hinampas na Bato, ang Tansong Ahas, ang kagalakan na 'yun ng Hari na nasa kalagitnaan nila, pagpapagaling, mga tanda, kababalaghan, at ang Haliging Apoy na 'yun na nakapailanlang sa ibabaw nila.

226 Hindi makita ng bulag na propeta ang bagay na Yun. Hindi, nga. Pero ang inilaladlad niya ay 'yung maruming bahagi nila, "Buweno, alam ko na may isa sa kanila na itinanan ang asawa ng isa pa. Alam ko—alam ko ito, nagnakaw pa nga siya ng salapi." Ganoon nga. Totoo naman. Inaamin kong totoo 'yun; pero mayroon din sila ng ganoong bagay sa panig nila, pero wala silang sinasabi na anuman tungkol dun. Kita n'yo? Kaya ipinapakita lang niya ang masasamang bahagi.

227 Pero ang sabi Niya, sabi ng Diyos, "Sabihin mo lang ang bagay na sasabihin Ko." At pumasok si Balaam sa Espiritu, nawalan ng ulirat; at sa halip na sumpain ang Israel, kanyang pinagpala ito. Amen! Hayun nga siya.

228 Ngayon, kung ang Diyos ay may pagtanaw...o mga pagtatangi sa isang pundamental, sa mga matataas na paaralan na ito, at sa naglalakihang mga seminaryo at kolehiyo, at sa mga Ph.D. at D.L.D. at, oh, lahat na ng uri ng D.D. . . . Buweno, ano kaya kung tinatangi Niya 'yun, buweno, kung ganoon, magagawa n'yong . . . Kinakailangan Niyang magpakita ng pagtatangi sa kanila kung ganoon. Kita n'yo? Pero Kanyang tinangi at pinagpala na ang bayan na ito ng isang pagpapala, dahil ang Espiritu, ang Hari. . . Sabi nila, "Umalingawngaw ang isang sigaw ng Hari sa kamento." Ano? Ano? "*Ang Hari ng mga banal.*" Mga sigaw at kagalakan! Ng ano? Ng panibagong Kaharian.

229 Patutunayan ko sa inyo na hindi sila mga denominasyon. Gusto n'yo bang gawin ko 'yun? Sa palagay ko ay may nailista akong Kasulatan dito ukol diyan. Siyanga, po. Hayaan n'yong patunayan ko sa inyo na ang Israel ay hindi . . . Bumuklat tayo sa Mga Bilang, nang sa gayon ay makita n'yo na hindi sila ganoon. Sila . . . Ngayon, ang Moab ay isang malaking denominasyon. Sige't kukunin natin ang Mga Bilang 23:9, kukunin ko ang—ang ika-8 talata kasama rito:

At . . . *Paanong aking—Paanong aking susumpain, (sabi ni Balaam), ang hindi sinumpa ng Dios? o paanong aking lalaitin, ang hindi nilait ng PANGINOON?* (Uh-huh.)

230 Ngayon pakinggan n'yo kung ano...kung anong sinabi Niya:

*Sapagka't—Sapagka't mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakita siya,...* (Ang Diyos 'yun. Hindi nga mula dun sa lambak, kundi mula sa taluktok ng mga bato. Oh! “Ang Kanyang mga mata'y nasa ibong-maya, at alam ko na binabantayan Niya ako.”)...*mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakita siya,...* (Amen! Hindi mula sa kung anong...sa likuran ng kung anong lambak para makita mo ang likurang bahagi nila; “Nakikita Ko ang buong bagay,” sabi ng Diyos.)...*mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakita siya, at mula sa mga burol ay akin siyang natatanawan: narito, siya'y isang bayang tatahang magisa, At hindi ibinibilang sa gitna ng mga bansa.*

231 Malinaw na ba 'yun? Hindi sila denominasyon, “mga bansa.” Oh, sila'y mga nangingibang-bayan, sa mga tolda, mga eskinita, sa mga kanto, nasa munting pagmimisyon. Hindi agad nakakabayad, ng renta, mga pinapaalis kaagad; nais ng Diyos na magtungo sila sa ibang lugar. Kita n'yo? Mga nangingibang-bayan! Tama!

232 Doon sa may Jamaica, hindi pa katagalan, mayroong mainam na Pentecostal na doktor ng dibinidad na nakatayo roon. At sabi ko, “Oh, ganoon na lamang na pinagpala ng Panginoon ang sinaunang pentecostal na Iglesia: walang-wala sila noon.” Sabi ko, “Sila'y mga palaboy lang, palibot-libot.”

Sabi niya, “Uh, Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Siyanga, kapatid.” Minamahal ko siya; mainam na kapatid.

Tapos sabi niya, “Nais ko—nais ko lang ipakita sa'yo kung saan ka mali.”

Sabi ko, “Oh, ikinatutuwa ko 'yan. Nais ko—nais ko noon pa man na malaman kung saan ako nagkamali, dahil alam 'yan ng Diyos; hindi ko—hindi ko gusto na mali ako.” Sabi ko, “Buweno, kung mali ako, tiyak na gusto kong malaman 'yun, kapatid. Salamat.”

Sabi niya, “Pinupuri mo sa tuwina ang mga tao noong pentecostes.”

Sabi ko, “Tama!”

Sabi niya, “Nakagawa sila ng pinakateribleng pagkakamali na magagawa nila, noong ipagbili nila ang kanilang pagmamay-ari.” Sabi, “Kaya noong sumiklab ang mga pag-uusig, wala tuloy silang tahanan na mauwian. Wala silang lugar na mapuntahan, at sila'y palaboy-laboy na lang tuloy.”

Sabi ko, “Ganoon mismo ang layunin ng Diyos.”



Sabi niya, “Bakit?”

<sup>233</sup> Sabi ko, “Kung mayroon kasi silang tahanan haya’t babalik sila, pero kinailangan nilang magtungo mula rito papunta roon, na ipinapakalat ang balita, sa lahat ng dako, na ang Espiritu Santo’y dumating. Huwag mong sabihin sa akin na ang Diyos ay nagkamali. Hindi Siya kailanman nagkakamali. Alam Niya ang pamamaraan dito. Kanilang ipinagbili ang kanilang mga pagmamay-ari at naging mga palaboy, ipinakakalat ang mga balita sa lahat ng lugar.” Tapos sabi, “Ang balita’y kumalat sa buong mundo noong panahon na ’yun, gawa ng mga palaboy na ’yun na tinalikuran ang lahat para kamtin ang Espiritu Santo.” Ang mga taong ’yun ay hindi kasapi sa isang denominasyon. Kita n’yo?

<sup>234</sup> Ngayon, alalahanin n’yo, ang pinupuna rito ng Diyos ay yaong denominasyon, “Nagpasok sa doktrinang Balaam.” Buweno, pagkatapos, noong hindi niya mapapasali sila sa denominasyon na ito, alam n’yo ba kung anong ginawa ni Balaam? Ngayon, pakinggan n’yo itong maigi ngayon, papalapit na tayo sa pagtatapos. Ngayon ang ginawa ni Balaam, ginawa niya ang siya ring bagay na ginawa nila rito sa Konseho ng Nicea. Yan ang dahilan na sinabi Niya, “Taglay mo ang doktrina ni Balaam at mga Nicolaita na ’yun.”

<sup>235</sup> Ngayon, ang mga Nicolaita ay yaong mga tao na umalis at nagnais na gumawa ng organisasyon at—at iba pa. Na, sa wakas . . . Ilan ang nakakaalam na ’yan ang Katotohanan kapag sinabi ko, “organisasyon”? Yan mismo ang Katotohanan ng Diyos. At sa wakas ay nag-organisa sila ng pinaka malaking organisasyon sa mundo. At ano ang ibinunsod ng ginawa nilang ’yun? Isang Katoliko. At ano ang ibig sabihin ng salitang *katoliko*? “Pangkalahatan.” Isang organisasyon, pambuong-mundo, organisado, “Lahat ng mumunting mga bagay na ito’y kinakailangan na mabuo sa isang iglesya.” Ngayon, kung mapapansin n’yo. Oh, ako . . . ipagpatuloy n’yo lang.

<sup>236</sup> Tingnan n’yo! Ano ang Babilonia? Sino ang nagtatag ng Babilonia? Si Nimrod. Ano ang ginawa niya? Nagtayo siya ng isang malaking tore sa malaking siyudad, at ibinunsod ang lahat ng iba pang siyudad na magbayad ng buwis sa siyudad na ito. Organisasyon! Yun ang mga pasimula nito. Tunay. Napunta rito sa kapanahunan ng iglesya at nag-organisa uli, at ipinasanib ang lahat na mga bansa rito. At dito ang sabi Nito, “Ang patotot na nagbunsod sa lahat ng mga bansa na uminom ng alak ng kanyang mga pakikiapid.” Ang kanyang pangangalunya, na nag-aangkin na isang “Cristiano” at nagbibigay ng kung anong bagay na gaya nun: katesismo, mga aklat ng orasyon, at kung anu-ano pa. At dumating ang mga Protestante, na ganoon na ganoon din, sadyang nang sinusundan ang kanyang mga yapak.

237 Buweno, uusad pa tayo nang kaunti ngayon. Sige. Sige. Kanyang sinabi ngayon, na, “Ang mga ito’y mga doktrina ni Balaam.”

238 Ngayon, anong ginawa ni Balaam noong masumpungan niya na hindi niya—hindi niya maaaring sumpain ang Israel? Sinabi niya kay Balac na mas mainam na ideya, kung ganoon, na kanyang iimbitahan ang mga taong ito sa pagdiriwang ng diyus-diyosan. Magdadaos sila ng isang—magdadaos sila ng isang—isang pagdiriwang sa dako roon, sila nga’y . . . kung saan nila ’yun gaganapin. At sila . . . Ang tawag sa pagdiriwang ay “Ang kapistahan ng Baal-p-e-o-r, Baal-peor.” Sa palagay ko p- . . . peor, Baal-peor. Isa ’yung—’yung kapistahan, para sumamba.

239 At sabi ni Balaam, “Ngayon sinasabi ko sa iyo, Balac, bibigyan kita ng mainam na ideya. Kung iyo lamang . . . kung iyong . . . hindi kasi ipinahihintulot ng Diyos na masumpa sila, ganoon talaga, kaya sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin natin. Hindi natin sila mapapalayas; pero kung iimbitahan mo sila, magigiwang mo ang buong bagay na ito sa paraang pabor sa iyo.”

240 Kita n’yo, mismo, ganoon mismo sa kung anong ginawa ni Constantino. Ganoon na ganoon! Yan ang dahilan kung bakit “ang doktrina ni Balaam.”

241 Ano ang ginawa nila? Sila pagkatapos . . . Ang katuruan ni Balac ay nakarating sa Israel. At inimbitahan nila ang lahat na mga Israelita sa isang malaking piging, sa malaking salu-salo na inihanda nila. Oh, isa ngang malaking kasiyahan, engrandeng handaan na inihanda nila roon. At nung magtungo sila roon, aba, unti-unting nakita ng mga Israelita ang nakabibighani, na mahalay ang pananamit na mga Moabitang kababaihan. Oo, hindi nga katulad nung pangkaraniwang kababaihan na naroon sa kanila. “Oh, sila’y nakakabighani. Naku! Ganoon na lamang ang mga kilos nila at, oh, kung papaanong nailaladlad nila ang kanilang sarili.” At nahulog ang mga Israelita roon, at nakagawa sila ng pangangalunya. At alam ni Balaam na kung hindi sila susumpain ng Diyos, dadalhin niya sila sa panig ng pagka-denominasyon at ibubunsod ang galit ng Diyos na patayin sila ano’t anuman; ibunsod ang Diyos na sila’y patayin Niya Mismo, kung magagawa niya na ilihis sila mula sa daan ng Katotohanan.

242 At sa paglabas na paglabas mo at aanib sa isang iglesya sa halip na tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo, patay ka na! (Hindi para sa inyo, pero *dito*, hahayaan ko na tumimo ’yan nang husto pansumandali.) Patay! “Taglay ninyo ang pangalan,” sinabi kay Luther *dito*, ng Kapanahunan ng Sardis. Ang ibig sabihin ng salitang *Sardis* ay “patay.” “May taglay ka na pangalan na ikaw ay buhay, pero ikaw ay patay!” Yun ang sinabi mismo ng Diyos. Oo. Kita n’yo?

<sup>243</sup> At noong espirituwal na nakiapid sila roon, na ikinasal ang iglesya mula sa bautismo ng Espiritu Santo patungo sa isang denominasyon, namatay sila. Hayan nga. Yan ang sinabi mismo ng Biblia, 'yan mismo ang sinabi ng Diyos, sa pangungusap sa mga kaglesyahan.

<sup>244</sup> Ngayon nais kong basahin ang isang bagay rito sa inyo, na aking . . .

<sup>245</sup> At ang Diyos, anong ginawa Niya? At ngayon noong gawin nila ang masamang bagay na ito, at sila'y nangalunya, pinatay ng Diyos ang apatnapu't dalawang libo sa kanila nang minsanan; apatnapu't dalawang libo, dahil sa pangangalunya. At ano ang ipinapangusap nun ukol dito sa iglesya? Ang espirituwal na pangangalunya, na nag-aangkin ka na isang "Cristiano" at nabubuhay pa rin na gaya sa sanlibutan. Oh, kapatid, tanggapin mo ang Espiritu Santo! Layuan n'yo ang matatandang kredo na ito't mga bagay-bagay na inyong . . . patay ang mga ito; na sinasaulo ang Credo de los Apostoles, o kung anong klase ng kredo, at uusal ng kaunting dasal na nakasulat sa aklat ng orasyon, o bagay na parang ganoon. Kailanman ay hindi sinabi ni Jesus sa Kanyang mga hirang na umusal ng panalangin, ang sabi Niya, "Manalangin!" Manalangin! Buweno.

<sup>246</sup> Ngayon, ang piging ni Constantino, katulad na katulad mismo ng kay Balaam. Ngayon masdan. Kagaya ng paganong piging ni Balaam, si Constantino'y naghanda rin ng isang paganong piging. Buweno. Inimbitahan ang Pergamo. At pansinin n'yo ngayon ito . . .

<sup>247</sup> Mayroon akong naisulat dito, isasantabi ko muna ito sa ngayon. Buweno. Buweno. Sinusubukan kong kunin itong tala rito tungkol sa . . . bagay na isinulat ko.

<sup>248</sup> Ang Pergamo ay inimbitahan. Buweno, naimbitahan sila sa isang piging pagkatapos ng Konseho ng Nicea. Naimbitahan sila sa piging ng *Winter Solstice*; na ang ibig sabihin, "ang araw, pagsamba sa araw," na isang paganong diyus-diyosan; na tumatapat ng ika-21 ng Disyembre, ang pinaka maikling araw ng taon. At ang mga taon . . . Hindi nagbabago ang iksi nun hanggang sa dumating ang ika-25 ng Disyembre. Lahat ng mga pagano'y ipinagdiriwang ito, ang kaarawan ng diyos-na-araw. Ang kaarawan ng diyos-na-araw ang pinaka maikling araw ng taon, ika-21 ng Disyembre. At pagkatapos sinuman na bumabasa sa kasaysayan ng mga iglesya ay nalalaman na ang mga pagano'y sumasamba sa araw na ito. Isa 'yung pagdiriwang.

<sup>249</sup> Buweno, ang mga Romano'y may . . . nagdadaos sila ng malakihang laro, ang Romanong sirko. Ilan po ang nakakita na nito rito, kung anuman ito, dito di pa katagalan, ipinalabas nila 'yun? Ben Hur! Kita n'yo? Ngayon, ang Romanong sirko; 'yun ang idinadaos ng mga Romano kapag araw ng araw, bilang paggunita sa kaarawan ng diyos-na-araw. Kita n'yo?

250 At ngayon...at nagdaos sila ng malaking piging doon at inimbitahan ang mga Nicolaita na pumunta. Oh! Hindi ba't saktong-sakto? "Ang katuruan ni Balaam na nasa inyo." Kita n'yo, sinasabi sa Pergamo kung anong mayroon sila, naglalakihang mga karera. Doon nga'y naisip nila na... Naisip ng mga Nicolaita na ito, "Buweno, ngayon, mainam naman 'yan. Itong malakihang piging ba'y ipinagdiriwang taon-taon? Oo." Kaya naman sa pag-iimbata ng—ng—ng naturingang arsobispo, o anumang ang tawag sa kanya noon, at lahat, sinikap nila na gawin 'yun lagi: para maipasok ang pakikiapid, maipasok ang pangangalunya, na binubuo ang iglesyang Katoliko; na ang bawat Protestanteng denominasyon ay bahagi nito, organisasyon. Walang organisasyon ang Diyos, at kinapopootan ang mismong pangalan nito. Yan mismo ang sinabi ng Biblia.

251 At noong gawin nila 'yun, anong nangyari? Kanilang—kanilang sinabi ngayon... Kinailangan nila ng espirituwal na aplikasyon, kaya iniba nila ang (Panginoong Jesus) kaarawan ng A-n-a-k ng Diyos mula Abril (Na lahat ng maiinam na iskolar ay alam na alam, at ng sinuman na may espirituwal na mga kapahayagan, na Siya'y ipinanganak nang panahon ng kalikasan kung kailan ang mga kordero't lahat ng iba pa'y ipinapanganak: sa Abril.) iniusog ng ika-25 ng Disyembre. At sinasamba pa rin ang Pasko, ngayon ay naging Santa Claus na. At anong... Oh, kahabagan. Kita n'yo? Anupa't marami pang paganong pagdiriwang ang idinagdag dito. Ganoon nga. Hayan nga, mga inimbitahan, ni Balaam. "Taglay n'yo ang doktrina ni Balaam sa kalagitnaan n'yo." Hayan nga ito. (Oh Diyos, Iyo lamang ihayag ito, Ama.) Kita n'yo? Ang kaarawan mula Abril hanggang...

252 Ngayon, sinasabi ng mga mananalaysay ng kasaysayan na "Lahat ng ebidensya na si Jesus ay ipinanganak ng buwan ng Abril na panahon kung kailan ang lahat ng iba pang buhay ay sumisibol." Pero iniba't ginawa nilang ika-25 araw ng Disyembre, limang araw pagkatapos (kita n'yo?) sinunod sa paganong diyus-diyosan, para madaos nila ang kanilang mga seremonya nang sabay-sabay: paganismo at Cristianismo. At ang Katolisismo'y wala nang iba't sangkumpol lang ng paganong mga pamahin at mga itinakuwil ng Cristianismong pinagsama-sama. Ganoon nga. Totoo 'yun. At ang mga Protestante na nakikiayon dito ay eksaktong mga anak na babae ng nanay na patotot na 'yun. Ganoon mismo.

253 Ngayon, tulungan nawa tayo ng Diyos na maging tunay na nagprotesta laban sa anumang bagay na hindi sa Diyos. Kita n'yo? Oh!

254 At para makuha ang espirituwal na aplikasyon nito, alam n'yo ba kung anong sinabi ng obispo? Ang sabi ng obispo, "Mayroon kaming karapatan na gawin ito dahil siya ang 'Araw ng katuwiran.'" Hmm! Oh, nakahanap sila kung paano ikutan

ito, gaya ng ginawa nila sa “Ama, Anak, at Espiritu Santo;” Mateo 28:19, siya ring uri, eksakto. Tunay, nakahanap sila ng butas, kinailangan nila ng kung anong uri ng espirituwal na aplikasyon, kita n’yo. Pero hindi ito . . .

<sup>255</sup> Ang sabi ng Biblia, “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ay pagtitibayin ang bawat salita.” Ang Diyos ay nagsalita nang paganoon, sinabi Niya ’yun nang tatlong beses. Kung ang Diyos ay kailangan beripikahin ang isang bagay, isinama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan; sa lahat ng bagay na ginagawa Niya, mayroon Siyang dalawa o tatlong saksi para patunayan ang lahat ng ginagawa Niya, sa buong Kasulatan mismo. Tama.

<sup>256</sup> Pero, nakita n’yo, ang mumunting mga bagay na ’yun ay kinailangan na madako roon para makuha nila ’yun mula dun. Alam na ’yun ng Diyos bago pa itatag ang mundo. Hayun nga ang kuha nila roon, ang espirituwal na aplikasyon daw nun, “Dahil siya ang A-n-a-k ng Diyos, atin na lang iusog ang kaarawan ng paganong a-r-a-w at gagawin ’yung kaarawan ng A-n-a-k, at dahil siya’y isang ‘Araw ng katuwiran.” Hmm! Hmm! Alam n’yo, mahuhulog pa rin ang mga Protestante roon, sa isang bagay na gaya nun. Tunay, mahuhulog sila, kukuha mula sa Kasulatan at ilalagay sa kung saan. Oh, naku! Ako . . . Sige—sige’t huminto muna tayo pansumandali. Buweno.

<sup>257</sup> Heto ang isang munting bagay na nais kong madakuan. Kunin lang natin ang huling talata rito nang madali. Magagawa ba natin? Sige. Buweno, dadalian ko na, nang mabilis ngayon, at inyong . . . dadako na tayo sa mga mahahalagang punto Nito. Buweno. Nasaan na tayo ngayon?

*Datapuwa’t . . . mayroon akong . . . ilang bagay . . . na laban sa iyo, . . . Balaam, . . .*

Siyanga, natapos ko na ito.

*Gayon din naman na mayroon kang . . . aral ng Nicolaita . . .*

*Magsisi ka nga; . . . kung hindi . . . ay madaling . . . paririyang ako, at . . . babakahin ko kayo ng tabak ng aking bibig.*

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; . . .*

<sup>258</sup> Grabe! Dito noong gawin ito ni Constantino, isa ’yung . . . Noong ihanda nila ang malaking pagdiriwang na ito. Ako—ako po’y . . . Unti-unti na akong umaalis diyang; ako lamang ay maghihintay bago ko basahin ’yan dahil patuloy na ibinabalik ako ng Espiritu Santo, ’yan po ang dahilan kung bakit ginawa ko ’yung kanina; sabi, “Huwag mong pigilan ’yan.” Kita n’yo? Heto na po ito! Uh-huh, uh-huh, uh-huh. Buweno. Ang dahilan . . .

<sup>259</sup> Noong ihanda nila ang malaking bagay na ito, (Gusto kong sabihin sa inyo kung ano talaga ang nangyari para maunawaan

n'yo.) 'yun ang kapanganakan ng mga post-milenyum. Dahil ang iglesya'y naging mayaman; naging mayaman na mayaman. At ano na 'yun? Makapangyarihan. Yun nga'y nangibabaw sa estado; ang estado't iglesya'y naging isa.

<sup>260</sup> Ngayon, ang Diyos ay may isang kaharian? At hindi ba't sinabi ni Jesus na sila . . . Bawat isa sa mga bansa'y kanya, sinabi 'yun kay Jesus, ipinakita sa Kanya ang mga kaharian ng mundo, sabi, "Ang bawat isa sa kanila'y akin. Ginagawa ko sa kanila ang anumang nais ko." At pagkatapos pagkakaisahin ang Diyos at ang diyablo na maglakip? Oh, hindi n'yo 'yan magagawa! Tunay, hindi n'yo magagawa. Yan ang dahilan kung bakit ang estado'y naorganisa. Ang Diyos ay hindi, ang mga organisasyon na ito. Tunay ngang hindi, hindi n'yo 'yun magagawa.

<sup>261</sup> Pero ginawa nila 'yun noon, tinawag nila ang kanilang iglesya na Cristiano; pinagkaisa nila 'yun sa bansa, ang buong imperyo ng Roma, lahat nun. Ang malaking obispo roon ang nasa ibabaw ng lahat ng ito, na si Boni- . . . Paglaon tinawag nila siya na papa, pero siya nga'y isang—siya'y isang obispo noon. At si Boniface III ang naging unang papa.

<sup>262</sup> Pagkatapos nasumpungan natin na dito'y umupo siya bilang isang papa na . . . Isang diyus-diyosan, sa anyo ng tao. Mayroon na silang malaking altar. Mayroon silang pinong mga kayamanan. Mayroon silang naglalakihan, na matitibay, na nalalaganan-ng-marmol na mga altar, at napapalamutian ng mga hiyas, at kung ano pa, sa buong ibabaw nun. At mayroon silang naglalakihang mga simbahan. Kontrolado nila ang estado. At alam n'yo ba? Kumalat ang sabi-sabi "na 'yun na raw ang Milenyum," na ang lahat ng pangako'y sa kanila na mga kaawa-awang Judio, na, "tinalikuran sila ng Diyos" (na sinabi Niya na hindi Niya 'yun magagawa), at tinangka nilang dalhin ang Milenyum bago ang pagdating ng Panginoong Jesus. Kapag dumating na si Jesus ay doon pa iiral ang Milenyum.

<sup>263</sup> Yun nga ang dako na pinagmulan ng post-milenyum. At 'yan ang dahilan kung bakit hindi itinuturo ng Katoliko ang pagdating ni Jesus, hanggang sa araw na ito. "Lahat ay nasa iglesya na. Ito na ang Milenyum. Pagmamay-ari nang lahat ng iglesya. Ito na 'yun." Kita n'yo, post-milenyum (Oh, grabe!) wala na raw ang pagbabalik ni Jesus Cristo. Nagtagal ito hanggang sa asasinasyon ni Constantino na dumating sa pagitan ng 312 at—at . . . A.D. 312 at 606. Pagkatapos si Boniface III ay ginawang unibersal na obispo o papa sa ibabaw ng buong unibersal na iglesya.

<sup>264</sup> Sa palagay ko'y matatapos natin ang talatang ito, at pagkatapos tatalakayin ko na. Purihin ang Diyos. Kita n'yo? Ngayon, pinatagal ko lang nang isang minuto. Ika-17 talata:

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu —  
Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay bibigyan*

*ko ng makakain na...manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap nito.*

265 Gusto n'yo bang maghintay na lang ng bukas ng gabi, o gusto n'yo na ito ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Ngayon!"—Pat.] Sige.

266 Makalangit na Ama, dalangin ko na Iyong ibubunsod ang mga tao na maunawaan ito ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, nang sa gayon ay maunawaan sa lahat ng dako (at sa dako na mararating ng mga teyp na ito), nang sa gayon ay malaman nila na aking—aking sinasabi ito dahil Ito—Ito ang Makalangit na Interpretasyon na Iyong ipinagkaloob sa akin. Amen.

*. . . ang magtagumpay . . .*

267 Ang unang bagay na nais kong alalahanin n'yo: na bawat isa sa mga mensahe na ito'y hindi inukol sa iglesya, kundi sa anghel ng iglesya. Tingnan n'yo rito, sa una, sa iglesya ng Efe-. . . Sa iglesya . . . Sa . . .

*Sa anghel ng iglesya ng Efeso . . . (Tama ba?)*

268 Buweno, ang kasunod na kapanahunan ng iglesya, sa ika-8 talata:

*. . . sa anghel ng iglesya ng Smirna . . .*

269 Buweno, at sa ika-12 talata:

*. . . sa anghel ng iglesya ng Pergamo . . . (Tama ba?)*

270 Ang Mensahe'y inukol sa namumuno ng iglesya. Saklolohan nawa ng Diyos ang tao na 'yun na lilihis mula sa Mensahe na 'yan! Anupa't Ito'y ibinigay sa isang anghel, at ang anghel na 'yan na hawak Niya sa Kanyang kamay ay napailalim sa Kanyang Sariling pagkontrol, na binibigyan ito ng lumalagong kapangyarihan mula sa Kanya, mula sa Kanyang kanang kamay. Ang mga ito'y nasa Kanyang kanang kamay, ibig sabihin, sila'y nasa sukdulang kapangyarihan habang sila'y narito sa lupa; dahil sila ang mga Liwanag mula sa Kanya, na ibinibigay ang Liwanag sa kapanahunan ng iglesyang 'yun. Kita n'yo? "Sa anghel ng iglesya." Inukol sa *bituwin* (ng kapanahunan) na siyang mananagot. Ang anghel ng iglesya ang mananagot kung hindi niya ipangangaral ang Salita. Ganoon nga. At ang anghel na 'yun ay kinakailangang tumugon sa paghatol.

271 Ilan ba ang nakakaalam nung pangitain dito hindi pa katagalan tungkol sa . . . Tingnan n'yo rito. Noong ako'y—noong nakahiga ako sa kama, at dumating ang Espiritu Santo; at lumingon ako pabalik, nandun nga ang maybahay ko. At hayun ako na nakahiga roon, at nagtungo sa Presensya roon, at nakita ko ang lahat ng mga taong 'yun. At naalala n'yo ba noong ikuwento ko 'yun? Lahat nga kayo. Kita n'yo?

At sabi ko, “Buweno, sila ba’y . . .?”

Sabi niya, “Sila’y sa iyo.”

At sabi ko, “Lahat ba sila’y mga Branham?”

Sabi niya, “Hindi.” Milyun-milyon sila. Sabi niya, “Sila’y mga naakay mo.”

Tapos sabi ko, “Mga naakay?”

<sup>272</sup> “Nakikita mo ang babae na ’yan na kinalulugdan mo, doon, na batang-bata’t maganda,” sabi, “siya’yung babaing lampas nobenta anyos na noong maakay mo siya patungo kay Cristo.”

Tapos sabi ko, “Oh!” Sabi ko, “Anupa’t kinatatakutan ko ito?”

Tapos sabi niya, “Naghihintay kami rito para sa pagdating ng Panginoon.”

Sabi ko, “Gusto kong makita Siya.”

<sup>273</sup> Sabi, “Hindi mo pa Siya puwedeng makita ngayon, pero” sabi, “malapit na Siyang dumating. Hinihintay namin Siya, anupa’t sa pagdating Niya, darating Siya sa iyo unang-una. At ikaw ay hahatulan batay sa Ebanghelyo na iyong ipinangaral, at kami’y magiging mga nasasakupan mo.”

“Buweno,” sabi ko, “ang ibig mo bang sabihin ako ang responsable sa lahat ng mga ito?”

“Lahat kami!”

Sabi ko, “Buweno, mayroon bang isa na . . .?”

Sabi niya, “Ipinanganak ka para mamuno.”

Tapos sabi ko, “Buweno, ang lahat ba’y magiging responsable?”

Sabi niya, “Bawat namumuno.”

Sabi ko, “Paano naman si San Pablo?”

Sabi, “Siya’y responsable para sa *kanyang* kapanahunan.”

“Buweno,” sabi ko, “Ipinangaral ko ang siya ring Ebanghelyo na ipinangaral niya.”

At narinig ang milyun-milyong mga tinig, sabi, “Kami’y nananangan diyan!” [Sinabing kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Kita n’yo? Hayan nga, “nananangan.”

<sup>274</sup> Kaya ang *anghel* ng Diyos, ang mensahero para sa iglesia, ang mananagot kung ang ipapangaral niya’y hindi ang Salita. Buweno.

<sup>275</sup> “Natatagong manna.” Ating ibigay ang interpretasyon nito sa pinaka mainam na magagawa natin. Ano ang itinitipo ng “natatagong manna” na ito? Ang natatagong manna ay yaong manna na itinago sa dako . . . o haing tinapay, sa Biblia, na para lamang sa saserdote. Ilan ba ang nakakaalam n’yan na mga narito? Kita n’yo? Ngayon, hindi’yun para . . . Mayroon silang



tinapay para sa kongregasyon, pero may espesyal na tinapay para sa saserdote. Tama ba?

276 Isa itong espesyal na tinapay, espesyal na tinapay, *natatagong* manna. Ano 'yun? Sino ang ating Manna? Si Cristo. Buweno, San Juan, sa ika-6 na kabanata, ika-48 hanggang ika-50 talata, kung isinusulat n'yo ito. Sinabi ni Jesus na Siya “ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit,” ang Manna.

277 Buweno, ano ang “natatagong manna”? Ang manna na hindi ibinigay sa lahat na kongregasyon. Ang kapahayagan ay ibinuhos sa anghel ng iglesya, ang kapahayagan tungkol sa Salita. Kita n'yo? Ang Kapahayagan tungkol sa Salita ay ibinigay sa anghel ng kapanahunan na 'yun, dahil 'yun ay itinago mula sa lahat ng dako, at inihayag pabalik (ang natatagong manna) sa . . . Ito'y inukol sa *anghel* ng iglesya. Kita n'yo? Nakukuha n'yo ba ito? Ito nga'y mas malaki nang kaunti na kapahayagan kung ano si Cristo, marahil isang mas mataas na tawag.

278 Iniisip ko nga kung napagkilala 'yun ni Luther? Iniisip ko kung napagkilala rin ni Wesley noong panahon niya? Oh! Iniisip ko nga kung napagkilala ni San Martin ito? Ni Ireneo? Ngayon, alam n'yo, hindi kinanonisa ng iglesya maging ang mga kalalakihan na ito, sila'y hindi mga santo para sa kanila; pero sila yaong may mga tanda na lumalakip. Pinili ng mga tao ang sariling—ang sarili nilang mga obispo, at iba pa, para ikanonisa.

279 Aba, dito hindi pa katagalan, isang babae ang nagtungo para kumuha ng *Life of Saint Martin* sa isang bilihan ng aklat na Ingles. At nung . . . Sabi niya, “San Martin.”

280 At kinuha nung tauhan 'yung lagayan, sabi, “Hindi siya masyadong kilala sa kasaysayan, ni hindi nga siya nakanonisa.” Kita n'yo? Hanggang sa araw na ito; pero nasa Diyos ang kanyang pangalan, nakikilala siya ng Diyos.

281 Kita n'yo, 'yun ang pagkakaiba. Ang mga tao'y gusto nila na ang pangalan nila'y natatanghal na bantog na kung ano, pero ang nais ng mga tao ng Diyos ay iwasan ang ganyang mga pagtatanghal. Ayaw nila ng naglalakihang bantog na mga bagay, at naglalakihan na bantog na kung ano; ang nais nila'y magpakumbaba, 'yung ganoong kababaan ng loob. Ang daan—ang daan pataas ay pababa. “Ang ibinababa ang kanyang sarili ay itataas; ang itinataas ang kanyang sarili ay ibababa.” Ipinakukumbaba ang sarili. Hindi nagtatangka na maging kung anong bantog na bagay; sikapin n'yo na magpakababa, anupa't maging ano lamang kayo. Kita n'yo? Maging maliit sa paningin ng Diyos, maging maliit sa sarili n'yong paningin, na ang lahat ng iba'y mas mataas sa inyo. “Tbunsod siya na pinaka mataas sa inyo na maging tagasilbi sa lahat.”

282 Sino pa bang mas tataas kaysa kay Jesus Cristo na binigkisan ang Kanyang Sarili at hinugasan ang mga paa ng mga alagad? Isang Mababang tagahugas ng paa, naging ganoon Siya. Ang Diyos ng Langit, ang Maylalang ng kalangitan at ng lupa, naghuhugas ng mga paa ng mga mangingisda (Oh!) na may mga dumi pa ng hayop at kung anu-ano, at mga alikabok galing sa daan, kung saan ay pinapahiran, at winawalis 'yun ng kanilang damit; isang Mababa na tagahugas ng paa, ganoon nga Siya. At pagkatapos maisip natin, “Na kung sino na tayo. Kinakailangan nating maging Doktor, Ph.D., *Ganito-at-ganoon.*” Oh, naku! Hindi 'yan si Cristo. Hindi 'yan magpapakita ng pag-ibig... ng kaibig-ibig na Jesus Cristo. Siya'y naging Lingkod ng lahat. Ganoon nga. Nagturo Siya sa atin ng halimbawa na dapat nating gawin sa isa't isa gaya ng ginawa Niya sa atin. Oh, 'yan nga—'yan nga ang aking Panginoon. Ano ang nagpaging malaki sa Kanya, ay dahil Kanyang pinaliit ang Kanyang Sarili. Kita n'yo, 'yun ang nagpaging malaki sa Kanya.

283 Nagkaroon na ako noon ng pribilehiyo na makatagpo ang ilan sa dakilang kalalakihan sa buhay ko, at ako'y nagkaroon din ng pribilehiyo na makatagpo ang mga kalalakihan na *nag-iisip* na dakila sila. Ang isa pong tunay na dakilang lalaki'y sinisikap na paisipin sa iyo na ikaw ay dakila at siya naman ay hindi. Kita n'yo? Nakatagpo ko na ang mga hari, at iba pa, at mga kalalakihan na tunay namang dakilang mga tao. Tapos makakatagpo mo ang tunay na mga matatag na Cristiano, tagpi-tagpi lang ang damit, at mga bagay na gaya nun. At ang ilan sa kanila ay sumasampa sa pulpito na parang kahon para sa sumbrero at pagkatapos... Kita n'yo? Oh, grabe! Buweno, ang layo talaga... Buweno.

284 “Ang natatagong manna,” isang munting bagay na *espesyal*. Ano ang *espesyal* na 'yun? Hindi bagay na... Ang mga kaloob ba ng Espiritu Santo? Oh, hindi, 'yun ay para sa buong kongregasyon. Pero ang “natatagong manna” ay isang *espesyal* na kapahayagan dahil kinakailangan niyang turuan ang iba. Kita n'yo? May kaunting dagdag na kaalaman sa Kasulatan, na kanyang maituturo sa iba. Ganoon nga dapat siya mismo. Tama ba? Hindi kayo maaaring makapamuhay nang higit sa inyong pastor. Alalahanin n'yo 'yan, kita n'yo. At kaya... Dahil siya ang pastol na nagpapakain sa inyo. Kung siya ang pastol, marapat lamang na nalalaman niya kung saan naroon ang manna, para pakainin ang mga tupa. Tama ba? Ngayon, mas *espesyal* nang kaunti. At masdan n'yo ito pansumandali, ang kapahayagan, ang natatagong manna.

285 Ngayon, “Putting bato, kanyang kakamtin ang isang puting bato.” Ang anghel na ito'y magkakamit ng isang puting bato. Isa 'yung bato, hindi ba? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, “Kadalisan.”—Pat.] At isang... Tama siya, “kadalisan.”

286 Siya'y—Siya'y may nakatagpo na isang lalaki isang beses at ang pangalan nito ay Simon, at Kanyang pinalitan ang kanyang pangalan na maging Bato, “Pedro.” Bakit? Nasa kanya ang mga susi. Tama ba? Kanyang binago ang kanyang pangalan at ginawa siyang isang bato. Tama ba? Nakay Pedro ang mga susi dahil siya yaong isa na 'yun na nagkamit ng mga susi tungo sa Kaharian.

287 “Isang bagong pangalan, isang bagong pangalan na nakasulat sa batong ito na walang sinuman ang nakakaalam maliban sa sarili niya.” Alam nga niya kung sino siya, pero hindi niya maaaring sabihin sa iba. Kita n'yo? Kita n'yo? Walang nakakaalam maliban sa sarili niya. Kita n'yo? Alam ni Pedro na kamit niya ang mga susi, pero hindi n'yo nga siya maririnig na ipinagyayabang ang tungkol dun. Kita n'yo? Itong mga taong ito na ipinagyayabang kung ano sila ay kadalasang wala naman talaga. Uh-huh, uh-huh. “Isang puting bato, at doon ay nakasulat ang isang bagong pangalan.” Hindi ang mismo niyang pangalan, pero siya na iba na (Kita n'yo?) na tanging siya lang ang nakakaalam; siya na may hawak nung bato, ng pangalan. Kita n'yo, espesyal na manna para ipakain sa iglesya, tandaan n'yo.

288 Alalahanin n'yo noong Ito'y mangyari sa iglesyang ito, 'yun nga'y parehong kapanahunan (parehong panahon noong Ito ay mahayag) na ang mga Nicolaita'y ipinuwesto ang kanilang sarili bilang ulo ng *kanilang* iglesya, isang papa, at binigyan siya ng isang puting batong altar sa ibaba, sa ibaba niya, isang marmol na bato. Tama ba? At nilatagan 'yun ng mga bato, at mga bagay na gaya nun, na mamahalin para sa *kanya*.

289 Pero itong anghel ng Panginoon ay nakikilala kung sino *siya*, isang anak ng Diyos, sa pamamagitan—pamamagitan ng kapahayagan ni Jesus Cristo.

290 At noong—noong ilagay ng mga Nicolaita ang *kanilang* pinuno at naglagay ng marmol na bato sa kanyang paanan (Kita n'yo?), inilagay rin ng Diyos ang Kanyang puspos-ng-Espiritu na pinuno para sa Kanyang puspos-ng-Espiritu na grupo; ang Kanyang anghel; at Ito'y naglagay sa kanya ng isang tanda ng isang pangalan, pero hindi niya dapat ihayag 'yun. Kinakailangan niyang itago 'yun sa sarili niya, kita n'yo. “Walang tao ang makakaalam maliban sa sarili niya.”

291 “Natatagong manna, isang bato, isang bagong pangalan na walang kahit sino ang nakakaalam maliban sa kanyang sarili,” at 'yun ay inukol sa anghel ng iglesya. Iniisip ko kung alam ba 'yun ni Luther? Iniisip ko kung alam ba 'yun ni Wesley? Iniisip ko kung—kung ang iba pang dakilang mga anghel?

292 At iniisip ko ngayon, kung sa... Malapit nang dumating sa mundo, ang dakilang anghel ng Liwanag na darating sa atin, na pangungunahan tayo palabas, isang dakilang Espiritu Santo, na darating sa kapangyarihan, at pangungunahan tayo

patungo sa Panginoong Jesus Cristo. Marahil hindi niya 'yun malalaman, pero siya'y paririto isa sa mga araw na ito. Kanyang ibubunsod. . . Ipapakilala siya ng Diyos. Hindi niya kailangang ipakilala ang kanyang sarili, ang Diyos ang magpapakilala sa kanya. Patutunayan ng Diyos ang Sariling Kanya. Yan ang bagay na sinabi Niya noong si Jesus ay narito at hindi nila Siya nakilala, kita n'yo. Sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan; pero kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking Ama, at hindi kayo makasampalataya sa Akin, kung ganoon ay sampalatayanan n'yo ang mga gawa." Tama ba?

<sup>293</sup> Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya! Ang Aklat ng Apocalipsis. Ngayon, nakikita n'yo ba kung nasaan na ang mga iglesya? Nakikita n'yo ba kung gaano na sila kasiksikan? Nakikita n'yo ba kung gaano na kalihis ang iglesya? Ngayon, *ito* ang kapanahunan na tatalakayin natin bukas ng gabi, loobin ng Panginoon.

<sup>294</sup> Ngayon, pasensya na po kung napatagal ko kayo, pero ako—ako—ako ay umaasa na kayo—kayo'y may matututunan. At sa pagsusulat n'yo ng mga tala, na kung. . . Marami pa po ako rito, mga nasa tatlo o apat na pahina pa, pero wala na akong oras para makadako rito, at, mangyari po na atrasado na, at halos labimpitong minuto na ngayon hanggang. . . Pero ilalagay natin ito sa aklat, sa anumang paraan, at kaya tayo'y—tayo'y—tayo'y magkakaroon nito.

<sup>295</sup> Ngayon, ilan ang umiibig sa Kanya nang buong puso n'yo? Ilan ang sumasampalataya sa Kanya nang buong puso n'yo? Oh! Ngayon, sa palagay n'yo ba ay tatayo lang ako rito dahil lamang wala tayo sa mga organisasyon— wala tayo sa mga organisasyon at sasabihin ang mga bagay na 'yun? Nauunawaan n'yo na ba ngayon, mga kapatid, kung bakit ako—ako (sa buong buhay ko) ay aking nilalabanan ang bagay na 'yan? Kita n'yo, ang Espiritu Santo kasi ito. Maging ako'y hindi ko 'yun nauunawaan, hindi ko 'yun nalalaman hanggang nitong nakaraang ilang araw lang. Kita n'yo? Hindi ko alam kung anong nagbunsod sa akin na gawin 'yun; Hindi ko alam kung bakit sa tuwina'y sumisigaw ako laban sa mga kababaihan na nabubuhay nang mali, at mga bagay-bagay; hindi ko 'yun alam noon, ngayon alam ko na. Kita n'yo?

<sup>296</sup> Ngayon, alam ng Panginoon na ang mga bagay na ito'y mali. Heto ang mga ito na sinipi mula mismo sa kasaysayan, at dumating. . . Ang sabi ng Biblia. . . Ngayon tingnan n'yo rito, ang sabi ng Biblia (sa simula pa lang) na ang mga bagay na ito ay mangyayari. Ngayon, alam natin 'yan, hindi ba? Pagkatapos tinitingnan natin ang kasaysayan ng kapanahunan na 'yun, at nakita natin na nangyari ito mismo nang eksakto sa paraan na sinabi ng Biblia. Tama ba? Buweno, kung ganoon, sa pagsapit na natin dito sa *atin* mismong kapanahunan ng iglesya, at sa kung

ano ang inihula Niya para sa *ating* kapanahunan ng iglesya, mangyayari't mangyayari 'yun nang eksakto sa paraan na sinabi ng Diyos na mangyayari 'yun. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? Oh! Hindi ba't nais n'yong . . .

Oh, I want to see Him, look upon His face,  
There to sing forever of His saving grace;  
On the streets of Glory let me lift my voice;  
Cares all past, Home at last, ever to rejoice.

Oh, I want to see Him, look . . . (Ilan po ang may  
nais?)

There to sing forever of His saving grace;  
On the streets of Glory let me lift my voice;  
Cares all past, Home at last, ever to rejoice.

Ngayon habang nakikipagkamay kayo sa isa't isa, sa harap, likod, at palibot, sa lahat na mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, anuman sila:

As I travel through this land, singing as I go,  
Oh, pointing souls to Calvary (Hindi sa iglesya,  
sa Kalbaryo.), to the crimson flow,  
Many arrows pierce my soul, from without,  
within;  
But my Lord leads me on, to Him I must cling.

Tumayo na po tayo ngayon:

Oh, I want to see Him, look upon His face,  
There to sing forever . . .

Itaas po natin ang ating mga kamay.

. . . saving grace;  
On the streets of Glory let me lift my voice;  
Cares all past, Home at last, ever to rejoice.

<sup>297</sup> Oh, talagang iniibig ko Siya! Sadyang iniibig ko Siya!  
Kahanga-hanga! Kahanga-hanga!

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,  
The Counsellor, Prince of Peace, Mighty God is  
He;

Oh, saving me, keeping me from all sin and  
shame,

Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

I once was lost, now I'm found, free from  
condemnation,

Jesus gives liberty and a full salvation;

Saving me and keeping me oh, from all sin and  
shame,

Wonderful is my Redeemer, praise His . . .

Ang lahat po, lakasan lamang:

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,  
Counsellor, the Prince of Peace, Mighty God is  
He;

Oh, saving me, keeping me from all sin and  
shame,

Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Oh, napakaganda!

Oh, wonderful, wonderful, that Jesus is to me,  
He's the Counsellor, the Prince of Peace, the  
Mighty God is He;

He's saving me, keeping me from all sin and  
shame,

Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

<sup>298</sup> Sabihin natin nang sama-sama, “Purihin ang Kanyang Pangalan!” [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay nagsasalita nang sabay-sabay—Pat.]: “Purihin ang Kanyang Pangalan!” Aking Manunubos! Huwag n’yong kalimutan bukas ng gabi, alas siyete. Hanggang sa muli, hanggang sa makabalik uli kayo, gawin n’yo ito:

Take the Name of Jesus with you,

Child of sorrow and of woe;

It will joy, comfort give. . . (Ikinagagalak ko na makita kayo rito mga kapatid, pagpalain kayo ng Panginoon.)

. . . everywhere you go.

Precious Name (Precious Name!), Oh how sweet! (Oh how sweet!)

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name (Precious Name!), Oh how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>299</sup> Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon sa pananalangin, para sa huling awitin, o, huling talata:

At the Name of Jesus bowing,

Falling prostrate at. . . (Panginoong Diyos, Iyo pong pagalingin ang mga ito, Panginoon, habang kami. . .). . . we’ll crown Him,

When our journey is complete.



*ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG PERGAMO* TAG60-1207  
(The Pergamean Church Age)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Disyembre 7, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)